



**DAKILANG KAPISTAHAN NG
LAHAT NG MGA BANAL**
Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 24:1b-2, 3-4ab, 5-6
*Panginoon, ang bayan mo
ay dumudulog sa iyo.*

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 7:2-4, 9-14

Nakita ko rin ang isa pang anghel na pumaitaas mula sa silanganan. Dala niya ang isang tatak ng Diyos na buhay, at sumigaw siya nang malakas sa apat na anghel na binigyan ng kapangyarihang maminsala sa lupa at sa dagat. At sinabi niya: “Huwag muna ninyong pinsalain ang lupa, ang dagat at ang mga punongkahoy hanggang hindi namin natatatakan sa noo ang mga lingkod ng ating Diyos.”

At narinig ko ang bilang ng mga natatakan mula sa bawat tribu ng mga anak ng Israel: Patuloy akong tumingin. May nakita akong di-mabilang na makapal na tao mula sa lahat ng bansa, tribu, bayan at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, na nakadamit ng mahabang puti at may hawak na palaspas. Sumisigaw sila nang malakas: “Sa ating Diyos na nakaupo sa trono, at sa Kordero rin ang pagliligtas.”

Ang mga anghel na nakapalibot na lahat sa trono at ang matatanda at apat na nilalang na buhay, ay nagpatirapa sa harap ng trono upang sumamba sa Diyos. At sabi nila:

*Amen. Sa ating Diyos ang papuri,
ang luwalhati, ang karunungan,
ang pasasalamat, ang parangal,
ang kapangyarihan at lakas
magpakailanman. Amen!*

Noon nagsalita ang isa sa matatanda at nagsabi sa akin. “Alam mo ba kung sino ang mga nakadamit ng mahabang puti at kung saan sila galing?” Sumagot ako. “Ginoo, ikaw ang nakakaalam nito.” At sinabi niya: “Galing sa matinding pag-uusig ang mga ito; naglaba at nagpaputi sila ng kanilang damit sa dugo ng Kordero.

Ikalawang Pagbasa: 1 Juan 3:1-3

Isipin ninyo ang laki ng pag-ibig na kaloob sa atin ng Diyos: Tinatawag tayong mga anak ng Diyos, at gayon nga tayo talaga. At bakit hindi tayo kinikilala ng mundo? Dahil lamang ang mundo ay di kumilala sa kanya

Mga miniamahal, mga anak na tayo ng Diyos bagaman hindi pa ipinakikita kung magiging ano tayo. Ngunit alam natin na sa pagpapakita niya matutulad tayo sa kanya sapagkat makikita natin siya kung ano siya. Dahil dito, lumilinis sa sarili ang may ganitong pag-asa at tumutulad sa kanyang kalinisan.

Ebanghelyo: Mateo 5:1-12a

Nang makita ni Jesus ang makapal na tao, umahon siya sa bundok. Naupo siya roon at lumapit sa kanya ang kanyang mga alagad. At nagsimula siyang magturo sa kanila:

“Mapapalad ang mga may diwa ng dukha sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad ang mga nagluluksa sapagkat pagiginhawahin sila.

Mapapalad ang mga di-marahas sapagkat mapapasakanila ang lupain.

Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.

Mapapalad ang mga maawain sapagkat kaaawaan sila.

Mapapalad ang mga may busilak na puso sapagkat makikita nila ang Diyos.

Mapapalad ang mga nagpupunyagi para sa kapayapaan sapagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos.

Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katarungan sapagkat kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa akin.

Magsaya kayo at magalak sapagkat malaki ang gantimpalang nasa Diyos para sa inyo.



“Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.”

DATE OF ESTABLISHMENT: 1997, Holy Family Parish

Pagmamaisid

Masasabi mo bang mapalad ka? Bakit?

Paghahawi

Hindi ayon sa mundo ang pamantayan ng Diyos. Sa mata ni Jesus, mapalad ang pusong dukha, mapagpakumbaba, at uhaw sa katarungan—sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.

Pagtatabas

Kabilang ka ba sa sinabi ni Jesus na mapalad? Sa paanong paraan?

Pagsasaayos

Tinatawag na mapapalad ang makapangyarihan, mayaman, maganda, tanyag, at matalino sa ating mundo. Subalit, iba ang pamantayan ni Jesus sa mga mapapalad.

Ayon sa Kanya, dalawang uri ng tao ang mapapalad: ang malungkot at naghihirap, at may kabutihang loob. Bibigyan ng ginhawa ng mapagmahal na Diyos ang naghihirap. Ang mabubuti, magagantimpalaan ng Langit. Paanyaya sa atin ang Pista ng mga Banal na muling suriin ang ating buhay. Hindi tayo kailangang maging sikat o perpekto upang maging banal. Ang mahalaga, ang pusong tapat, mapagpakumbaba, at bukas sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, nawa mapabilang din kami sa mga tinaguriang mapapalad ng Panginoong Jesus.



PAGGUNITA SA LAHAT NG MGA PUMANAW NA KRISTIYANO

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Ube/Puti/Itim)

Salmo 23:1-3a, 3b-4, 5, 6

*Ang Panginoon ang aking Pastol,
di ako mangangailangan ng anuman.*

Unang Pagbasa: Karunungan 3:1-9

Nasa kamay ng Diyos ang kaluluwa ng mga makatarungan at hindi sila makararanas ng anumang pahirap.

Patay sila sa paningin ng mga hangal, at itinuturing na isang kapahamakan ang kanilang pagpanaw. Tila nga nawalan sila ng lahat sa pag-alis sa atin, ngunit nasa kapayapaan sila.

Aakalaing sila'y pinarusahan, ngunit ang kanilang pag-asa ay ang buhay na walang hanggan. Mahalaga ang kanilang kinamtan pagkatapos ng kaunting pagtitiis, sapagkat sinubok sila ng Diyos at napatunayang karapat-dapat sa kanya; makaraang subukin silang tulad ng ginto sa apuyan, tinanggap sila ng Diyos na waring handog na sinunog.

Pagdating ng paghuhukom magniningning silang parang ningas na gumagapang sa dayami. Maghahari sila sa mga bansa at mamumuno sa mga bayan, at ang Panginoon ang kanilang magiging hari magpakailanman.

Makauunawa sa katotohanan ang mga nagtiwala sa kanya at ang mga tapat sa pag-ibig ay mamumuhay na kapiling niya. Sapagkat nakalaan para sa kanyang mga hinirang ang kanyang kagandahang-loob at habag.

Ikalawang Pagbasa: Roma 5:5-11 (o Roma 6:3-9)

Ebanghelyo: Juan 6:37-40

Lalapit sa akin ang bawat ibinibigay sa akin ng Ama, at hinding-hindi ko ipagtatabuyan sa labas ang lumalapit sa akin. Sapagkat pumanaog ako mula sa Langit hindi para gawin ang aking kalooban kundi ang kalooban ng nagpadala sa akin.

Ito ang kalooban ng nagpadala sa akin: na huwag kong pabayaang mawala ang bawat ibinigay niya sa akin; sa halip ay itatayo ko ito sa huling araw. Ito nga ang kalooban ng Ama ko: magkakaroon ng buhay magpakailanman ang bawat pumapansin sa Anak at nananalig sa kanya, at itatayo ko siya sa huling araw."

BIRTHDAY: Rev. Fr. John S. Castillo, FDP

Pagmamasid

Naniniwala ka ba o nais mo ang walang hanggan na pagmamahal?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Lalapit sa akin ang bawat ibinibigay sa akin ng Ama, at hinding-hindi ko ipagtatabuyan ang lumalapit sa akin...pumanaog ako mula sa Langit para gawin ang kalooban ng nagpadala sa akin... ang kalooban ng Ama: magkakaroon ng buhay magpakailanman ang bawat pumapansin sa Anak at nananalig sa kanya, at itatayo ko siya sa huling araw."

Pagtatabas

Tayo na lumapit kay Jesus, nagagalak ba tayo na itatayo Niya tayo sa huling araw at magkakaroon ng buhay magpakailanman?

Pagsasaayos

Lubos ang galak ng lumalapit kay Jesus. Tularan natin si Jesus sa Kanyang paggawa ng Kalooban ng Ama, upang makamtan ang buhay magpakailanman.

Kalooban ng Ama ang kabutihan nating lahat at makapiling Siya sa Langit na walang hanggan ang wagas na pagmamahal. Nais Niyang lumapit tayong lahat kay Jesus.

Pagdiriwang

Ama, salamat na ipinadala Niyo ang Panginoong Jesus sa lupa, upang makalapit sa Kanya, at sa gabay Niya, magkaroon ng walang hanggang buhay at pagmamahal mula sa Inyo.

IKA-31 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)
San Martin De Porres

Salmo 22:26b-27, 28-30ab, 30e, 31-32
Pupurihin kita, Poon,
ngayong kami'y natitipon.



Martes
03 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Filipos 2:5-11

Tularan ninyo ang saloobin ni Kristo Jesus. Nasa katayuan siya ng Diyos kaya hindi niya inambisyong makapantay ang Diyos Sa halip sinaid pa ang sarili sa pag-aanyo niyang alipin at sa pagiging tulad ng mga tao: natagpuan nga siyang kamukha ng tao. Nagpakababa siya at naging masunurin hanggang kamatayan, hanggang kamatayan sa krus.

Dahil dito itinampok siya ng Diyos at binigyan ng Pangalang mataas pa sa alinmang pangalan *upang paluhod na sumamba ang lahat* sa Pangalan ni Jesus sa kalangitan, sa lupa at sa kailaliman at ipahayag ng tanang dila na Panginoon si Kristo Jesus para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.

Ebanghelyo: Lucas 14:15-24

Nang marinig ito ng isa sa mga kasalo, sinabi niya kay Jesus: "Mapalad ang makakasalo sa bangkete ng kaharian ng Diyos!"

Sumagot si Jesus: "May isang taong naghandanda ng isang malaking bangkete at marami siyang kinumbida. Sa oras ng handaan, pina-punta niya ang kanyang katulong para sabihin

sa mga imbitado: 'Tayo na't handa na ang lahat.' Ngunit parang sabay-sabay namang nagdahilan ang lahat. Sinabi ng una: 'Bumili ako ng bukid at kailangan kong pumunta para tingnan iyon. Pasensya ka na.' Sinabi naman ng isa: 'Bumili ako ng limang pares na bakang pang-araro at pasusubukan ko ang mga ito. Pasensya ka na' Sinabi ng isa pa: 'Bagong kasal ako kaya hindi ako makakapunta.'

Pagbalik ng katulong, ibinalita niya ang lahat ng ito sa kanyang panginoon. Galit na galit ang maysambahayan at sinabi sa kanyang katulong: 'Pumunta ka agad sa mga liwasan at mga lansangan ng lunsod, at papasukin mo rito ang mga dukha, mga bale-wala, mga bulag at mga pilay.'

At pagkatapos ay sinabi ng katulong: 'Nagawa na ang ipinag-utos mo at may lugar pa rin.' Sumagot sa kanya ang panginoon: 'Lumabas ka sa mga daan at mga bakuran at pilitin mong pumasok ang mga tao para mapuno ang bahay ko. Sapagkat sinasabi ko sa inyo: walang sinuman sa mga ginoong iyon na kinumbida ko ang makatitikim ng aking handa.'"

DATE OF ESTABLISHMENT: 1998, Our Lady of Peace and Good Voyage Parish

Pagmamasiid

Naranasan mo na bang maimbitahan sa isang salu-salo? Dumalo ka ba?

Paghahawi

Sinabi ng isang kasalo kay Jesus: "Mapalad ang makakasalo sa bangkete ng kaharian ng Diyos."

Pagtatabas

Magiging mapalad na kasalo kaya ako sa bangkete ng kaharian ng Diyos?

Pagsasaayos

Lahat tayo, laging inaanyayahan ni Jesus na makiisa sa banal na salu-salo, ang pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya, isang bangkete sa kaharian ng Diyos sa lupa. Sa bangkete ito, ating ginugunita ang dakilang pag-aalay ni Jesus ng Kanyang sarili, para sa kaligtasan ng sangkatauhan.

Dumalo tayo lagi sa bangketeng ito tuwing Linggo, at mas mainam, araw-araw. Lumalalim sa bangketeng ito ang pakikipag-kaibigan natin sa Kanya, dahil naririnig natin ang mga turo at mabuting ginawa Niya para sa ating lahat.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa tanda ng Inyong pagmamahal sa aming lahat, sa patuloy na pag-anyaya Niyo sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya sa mundo. Nawa, balang araw, makasalo rin kami sa bangkete ng Ama sa kaharian Niya sa Langit.



**IKA-31 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

San Carlos Borromeo

Salmo 27:1, 4, 13-14

*Pangino'y aking tanglaw,
siya'y aking kaligtasan.*

Unang Pagbasa: Filipos 2:12-18

Kaya nga, mahal na mga kapatid na laging tumatalima sa akin noong kasama ninyo ako, higit pa kayong tumalima ngayong malayo ako, at ganapin ninyo ang inyong pagkaligtas nang may "takot at panginig." Ang Diyos ang gumagawa sa inyo na naisin at gawin ang magbibigay-lugod sa kanya. Gawin ninyo ang lahat nang walang kulang at pagtutol, at sa gayon walang sala at walang bahid, upang maging mga anak kayo ng Diyos sa gitna ng isang buktot at di-tapat na lahi. Nagniningning kayo sa piling nilang parang tala sa sanlibutan, sa pangangalaga ninyo sa salitang pambuhay. At ipagmamalaki ko ito sa araw ni Kristo sapagkat hindi nasayang ang aking pagtakbo at pagpapagod. At kahit kailangang dumanak ang aking dugo bilang hain upang ipagdiwang ang inyong pananampalataya, nagagalak pa rin ako at natutuwang kasama ninyong lahat. At dapat din kayong magalak at matuwang kasama ko.

Ebanghelyo: Lucas 14:25-33

Habang naglalakad ang napakaraming tao na kasama ni Jesus, humarap siya sa kanila at sinabi: "Kung may dumating sa akin na di nagtatakwil sa pag-ibig sa kanyang ama at ina, at asawa at mga anak, at mga kapatid na lalaki at babae, at maging sa kanyang sarili, hindi siya puwedeng maging alagad ko. At hindi puwedeng maging alagad ko ang di nagpapasan ng kanyang krus sa pagsunod sa akin.

At paano kung may magbalak magtayo ng silungan ng bantay sa bukid? Di ba't uupo muna siya at tatantyahin ang gastos para malaman kung may sapat siya para maipatapos iyon? Sapagkat kung mailagay niya ang pundasyon at hindi naman niya iyon maipatapos, pagtatawanan lamang siya ng lahat: 'Hayan ang nagsimulang magtayo at hindi na maipatapos.'

At paano kung may haring makikipagharap sa ibang hari? Di ba't uupo muna siya para mag-isip kung kaya niya at ng sampung libong kasama niya na harapin ang dumarating na may dalawampung libo? At kung hindi naman, malayo pa ang isa ay magpapadala na siya ng mga sugo para makipag-areglo. Gayon din sa inyo. Hindi puwedeng maging alagad ko ang di tumatalikod sa lahat ng kanya.

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Carmelo A. Caluag | Rev. Fr. James D. Nitollama

Pagmamasid

Alagad ka ba ng isang tao? Ano ang mga kundisyon niya upang maging alagad niya?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga tao: "... hindi puwedeng maging alagad ko ang di nagpapasan ng kanyang krus sa pagsunod sa akin... hindi puwedeng maging alagad ko ang di tumatalikod sa lahat ng kanya."

Pagtatabas

Kaya ko bang sundin ang sinasabi ni Jesus, upang maging alagad Niya?

Pagsasaayos

Kaya nating pasanin ang krus natin sa tulong at grasya ng Diyos. Maaring talikuran ang lahat kung hindi na natin tungkulin ang mga ito, tulad ng pag-alaga sa maliit na anak. Unahin ang paglingkod sa Diyos, o ialay sa Kanya ang tungkuling galing sa Kanya, lahat para sa kaluwalhatian Niya.

Ang pagtalikod sa sariling kapakanan at paglimot sa pansariling pagnanais ang hangad ni Jesus sa bawat isa na nagnanais sumunod sa Kanya, at maglingkod na handang mag-alay ng sakripisyo, bilang pag-aalay ng sarili para sa Diyos.

Pagdiriwang

Mahal naming Jesus, maraming salamat sa pagtawag Niyo sa amin na maging tagasunod Ninyo, kahit sa aming kahinaan. Gabayan at tulongan Niyo kami na mamuhay tulad Niyo, ayon sa kalooban ng Ama.

IKA-31 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Salmo 105:2-3, 4-5, 6-7

*Ang may pusong tapat
sa D'yos ay may kagalakang lubos.*



Huwebes

05 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Filipos 3:3-8a

Nasa atin ang pagtutuli; tayo nga ang mga sumasambang taglay ang Espiritu ng Diyos at ipinagkakapuri natin si Kristo sa halip na magmalaki dahil sa alinmang pantaong bagay.

Mayroon din akong pantaong mga bagay na maipagmamalaki. Kung akala ng sinuman na mayroon siyang maipagmamalaki, lalo ako. Tinuli akong taga-Israel sa ikawalong araw; galing ako sa tribu ng Benjamin, isang Hebreong nagmula sa mga Hebreo, at may malasakit sa Batas: Pariseo nga ako. Tunay na masigasig kong inusig ang Iglesya at wala akong kapintasan sa daan ng kabanalang nasa Batas.

Ikinabuti ko man ang mga ito, itinuring ko pa ring sagabal ito at walang kabuluhan alang-alang kay Kristo. Itinuring kong walang kabuluhan ang lahat ng iba pa kung ihahambing sa kaalaman kay Kristo Jesus na aking Panginoon.

Ebanghelyo: Lucas 15:1-10

Lumapit kay Jesus ang lahat ng kolektor ng buwis at mga makasalanang para makinig. Kaya nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga guro ng Batas: "Tinatanggap niyan ang mga makasalanang at nakikisalo sa kanila." Kaya sinabi ni Jesus ang talinhagang ito sa kanila:

"Kung may sandaang tupa ang isa sa inyo at mawala ang isa sa mga ito, hindi ba niya iiwan ang siyamnapu't siyam sa ilang para hanapin ang nawawala hanggang matagpuan niya ito? At pag natagpuan ito'y masaya niya itong pinapasan sa balikat, at pagdating sa bahay ay tatawagin niya ang mga kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin sa kanila: 'Matuwa kayong kasama ko sapagkat natagpuan ko na ang nawawala kong tupa.' Sinasabi ko sa inyo: magkakaroon din ng higit na kagalakan sa langit para sa isang makasalanang nagsisisi kaysa siyamnapu't siyam na matuwid na di nangangailangan ng pagsisisi.

Kung may sampung baryang pilak ang isang babae at nawala ang isa sa mga ito, hindi ba siya magsisindi ng ilaw, magwawalis sa bahay at hahanapin mabuti hanggang matagpuan ito? At pagkakita rito'y tatawagin ang mga kaibigang babae at mga kapitbahay: 'Matuwa kayong kasama ko sapagkat natagpuan ko ang nawawala kong baryang pilak.' Sinasabi ko sa inyo na ganito rin sa mga anghel ng Diyos, magkakaroon ng kagalakan para sa isang makasalanang nagsisisi."

Pagmamasiid

Isa ba ako sa nagkakamali at nagkasala sa kapwa? Handa ba akong kilalanin ang aking mga pagkukulang?

Pagahahawi

Ikinuwento ni Jesus ang dalawang talinhaga: ang nawawalang tupa at ang nawawalang salaping pilak. Sa parehong kuwento, may isang bagay na nawala at nang ito'y matagpuan, nagkaroon ng malaking kagalakan. Pagkatapos ng mga talinhaga, sinabi ni Jesus: "Ganito rin sa mga anghel ng Diyos, magkakaroon ng kagalakan para sa isang makasalanang nagsisisi."

Pagtatabas

Kasama ba ako sa magbibigay ng galak sa mga anghel, kapag nagsisi ako sa pagkakamali o sala?

Pagsasaayos

Sa bawat pusong nagsisisi, sa bawat taong bumabalik sa Diyos, nagdiriwang ang Langit. Hindi lamang pag-amin ng kasalanan ang tunay na pagsisisi, kundi pagbabalik sa pagmamahal ng Diyos. Kung magpapakumbaba ako, kikilalanin ang aking sala, at magsisikap na magbago, magiging dahilan ako ng kagalakan sa Langit.

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa pagbibigay Niyo kay Jesus, Inyong Anak, sa amin, upang ilitas kami. Nawa, makatulong din kami sa pagbabalik-loob ng aming kapwa sa Inyo, at magdulot ng galak sa Inyong mga anghel at lahat na nasa Langit.



Unang Pagbasa: Filipos 3:17-4:1

Tularan ninyo ako, mga kapatid; naging halimbawa kami sa inyo, kaya tingnan ninyo ang mga sumusunod sa amin. Sapagkat marami ang namumuhay bilang kaaway ng krus ni Kristo. Malimit ko itong sinabi, at inuulit ngayon nang may luha. Papunta sila sa kapahamakan: ang tiyan nila ang kanilang diyos, at ipinagmamalaki nilang dapat nilang ikahiya. Wala silang iniisip kundi mga makalupang bagay.

Nasa kalangitan naman ang ating pagkamamamayan; doon din manggagaling si Jesucristong hinihintay nating Manunubos. Babaguhing-anyo niya ang ating katawang nasa kaabaan, upang makatulad nito ang kanyang sariling katawang nasa luwalhati; mayroon nga siyang kapangyarihang sumakop sa buong kalikasan. Kaya, mga mahal na kapatid na aking kinasasabikan, na aking lugod at korona, manatili kayong matatag sa Panginoon, mga minamahal ko.

Ebanghelyo: Lucas 16:1-8

Sinabi rin ni Jesus sa kanyang mga alagad: "May katiwala ang isang mayaman, at isinumbong sa kanya na nilulustay ng katiwala ang kanyang kayamanan. Ipinatawag niya ito at sinabi sa kanya: 'Ano itong naririnig

ko tungkol sa iyo? Magsulit ka sa akin ng iyong pangangasiwa dahil hindi ka na makapangangasiwa.'

At inisip ng katiwala: 'Tatanggalin ako ngayon sa pangangasiwa ng aking panginoon. Ano ang gagawin ko? Kulang ako ng lakas para magbungkal ng lupa, nahiihiya naman akong magpalimos. Ah, alam ko na ang gagawin ko. At pagkatanggal sa akin sa pangangasiwa, may mga magpapatuloy sa akin sa kanilang mga bahay.'

Kaya tinawag niyang isa-isa ang mga may-utang sa kanyang panginoon. Tinanong niya ang una: "Magkano ang utang mo sa aking panginoon?" Sumagot ito: 'Sandaang galon ng langis.' Sinabi ng katiwala: 'Narito ang resibo mo; maupo ka agad at isulat mo: Limampu.' Tinanong naman niya ang ikalawa: 'At ikaw, magkano ang utang mo?' Sumagot siya: 'Sanlibong takal ng trigo.' Sinabi ng katiwala: 'Narito ang iyong resibo at isulat mo: Walundaan.'

Hinangaan ng panginoon ang matalinong paggawa ng di-matuwid na katiwala. Mas matalino nga ang mga taong makamundo sa pakikitungo sa mga gaya nila kaysa mga tao ng liwanag.

Pagmamasid

Pinagkatiwalaan na ba ako ng kayamanan o bagay ng isang kakilala?

Paghahawi

Ikinuwento ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang tungkol sa isang katiwala na isinumbong sa kanyang amo dahil sa paglustay ng kayamanan. Bago siya tanggalin, gumawa siya ng paraan upang makuha ang loob ng mga may utang sa kanyang amo --binawasan ang kanilang utang upang siya'y tanggapin nila kapag siya'y mawalan ng trabaho. Hinangaan ng mayaman ang katalinuhan ng katiwala, kahit hindi ito matuwid. Sabi ni Jesus: Mas matalino ang mga anak ng sanlibutan sa pakikitungo sa kanilang kapwa kaysa sa mga anak ng liwanag."

Pagtatabas

Matalino at mabuti ba akong katiwala ng mga ipinahiram sa akin ng Diyos?

Pagsasaayos

Hindi pinuri ni Jesus ang pandaraya, kundi ang pagiging mapagkilos at maagap sa pagharap sa hamon. Lahat na meron tayo -- panahon, kakayahan, yaman, kalusugan, pati na ang ating buhay -- ipinagkatiwala ng Diyos sa atin. Kailangan magamit at mapalago sa mabuti at malikhaing paraan, para rin sa kapakanan ng kapwa.

Pagdiriwang

Ama, nawa, mapalago at magamit namin nang tama ang lahat na Inyong ipinagkatiwala sa amin.

IKA-31 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 112:1b-2, 5-6, 8a at 9

*Mapalad s'ya na may takot
sa D'yos na magandang loob.*



Sabado
07 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Filipos 4:10-19*

Ebanghelyo: Lucas 16:9-15

Kaya sinasabi ko sa inyo: gamitin ninyo ang di-matuwid na Perang-diyos para magkaroon ng mga kaibigan para sa pagka-ubos nito'y tanggapin naman nila kayo sa walang hanggang mga tahanan.

Ang mapagkakatiwalaan sa maliliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malalaki, at ang di mapagkakatiwalaan sa maliliit ay di rin mapagkakatiwalaan sa malalaki. Kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa di-matuwid na pera, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? Kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa mga bagay na hindi talaga sa inyo, sino pa kaya ang magbigay sa inyo ng talagang inyo?

Walang katulong na makapagsilbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian niya ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa isa at mapababayaan ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera."

Naririnig ng mga Pariseo ang lahat ng ito. Sakim sila kaya pinagtatawanan nila siya. At sinabi ni Jesus sa kanila: "Ginagawa ninyo ang lahat para magmukhang mabuti sa paningin ng mga tao ngunit alam ng Diyos ang inyong mga puso. At kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos ang mataas sa mga tao.

Pagmamasisid

Ano o sino ang mas mahalaga sa iyo kaysa pera? Mas mahalaga ba ang Diyos, pamilya, katapatan, o pagmamahal kaysa sa salapi?

Paghahawi

Turo ni Jesus: "Ang mapagkakatiwalaan sa maliliit na bagay, mapagkakatiwalaan din sa malalaki... Walang katulong na makapagsilbi sa dalawang amo; magiging matapat sa isa at mapababayaan ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera."

Pagtatabas

Kaya mo bang pagsilbihan ang dalawang amo na hindi mabalewala ang isa?

Pagsasaayos

Nilikha ang puso ng tao para sa isang Panginoon. Kapag ang pera ang naging sentro ng buhay, nawawala ang puwang para sa Diyos. Ngunit kapag ang Diyos ang inuuna, dumarating sa tamang panahon ang lahat ng kailangan.

Hindi madali ang pantay sa oras at husay na paglilingkod sa dalawang amo. Maraming bagay na ang amo ang may pasya, tulad ng ilang oras, ano ang nais niyang magawa, at suweldo.

Kung Diyos o pera ang pagpipilian, uunahin ko ang Diyos, dahil sa karanasan ko, dumarating ang kailangang pera. Siksik, liglig, at umaapaw ang bukas-palad na pagmamahal ng Diyos na palaging sa ikakabuti natin, para sa buhay na walang hanggang kapiling Niya.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming piliin muna o unahin Kayo sa mga mahalagang pasya namin araw-araw.



Unang Pagbasa: Karunungan 6:12-16

Maningning at di kumukupas ang Karunungan; kusang nagpapakita siya sa mga nagmamahal sa kanya, at natatagpuan ng mga naghahanap sa kanya. Nauuna pa siyang sumalubong sa mga naghahangad sa kanya. Hanapin mo siya sa umaga at hindi ka mabibig; matatagpuan mo siyang nakaupo sa iyong pinto.

Ganap na katalinuhan ang pagdidilidili sa katarungan; may ganap na kapayapaan para sa naghihintay sa kanya. Hinahanap niya ang mga karapat-dapat sa kanya, sinasalubong sa daan, at nananahan siya sa kanilang kaisipan.

Ikalawang Pagbasa: 1 Tesalonika 4:13-18

Mga kapatid, hindi kayo dapat magkamali tungkol sa mga nahimlay na at manangis gaya ng mga walang pag-asa. Naniniwala kaming namatay at nabuhay si Jesus, at gayundin ang mga namatay kay Jesus. Titipunin sila ng Diyos kasama ni Jesus.

Ganito nga ang sabi namin, na salita rin ng Diyos: kung nabubuhay pa tayo pag dating ng Panginoon, hindi tayo mauuna sa mga nahimlay na. Pag nag-utos ang punong anghel at pag tugtog ng dakilang trumpeta, bababa mula sa Langit ang Panginoon. At unang babangon ang mga namatay sa Panginoon. At saka lamang dadalhin kasama nila sa mga ulap tayong mga nabubuhay pa para salubungin ang Panginoon sa makalangit na daigdig. Kaya makakasama natin ang Panginoon magpakailanman. Kaya aliwin ang isa't isa ng mga salitang ito.

Ebanghelyo: Mateo 25:1-13


Itutukoy ng kuwentong ito ang mang-yayari sa kaharian ng Langit. Sampung abay na dalaga ang lumabas na may dalang lampara para sumalubong sa nobyo. Hangal ang lima sa kanila, at matalino naman ang lima pa.

Dinala ng mga hangal na abay ang kanilang mga lampara nang walang reserbang langis. Ngunit dinala naman ng matatalino ang kanilang mga lampara na may reserbang langis. Natagalan ang nobyo kaya inantok silang lahat at nakatulog.

Ngunit nang hatinggabi na, may tumawag: 'Dumarating na ang nobyo; lumabas kayo at salubungin siya!' Nagising silang lahat noon at inihanda ang kanilang mga lampara. Sinabi ng mga hangal sa matatalino: 'Bigyan naman ninyo kami ng inyong langis dahil mahina na ang ningas ng aming mga lampara.' Sumagot ang matatalino: 'Baka kulangin ang langis para sa amin at para sa inyo. Mabuti pang pumunta kayo sa mga nagtitinda at bumili para sa inyo.'

Nakaalis na sila para bumili nang dumating ang nobyo; ang mga handa na ay sumama sa nobyo sa kasalan, at isinara ang pinto. Pagkatapos ay saka dumating ang iba pang mga dalaga at tumawag: 'Panginoon, Panginoon, pagbukas kami!' Ngunit sumagot siya: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: hindi ko kayo kilala.'

Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras.'



“Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang araw o ang oras.”

Pagmamasisid

Matalino o hangal ba ako? Bakit?

Paghahawi

Nagkuwento si Jesus tungkol sa mangyayari sa kaharian ng Diyos sa Langit. Sa sampung dalagang abay, na naghintay na salabungin ang nobyo, limang matalino lang ang nakapasok at sumalubong. May dala silang reserbang langis. Naiwan sa labas ang limang hangal na bumili pa ng langis dahil humina ang ningas ng kanilang lampara.

Pagtatabas

Ano ako gagawin natin upang maging matalino?

Pagsasaayos

Marahil marami sa atin, sanay magpaliban ng gagawin. Sa buhay espirituwal, may taong hindi alintana o alam ang muling pagdating o paghuhukom ni Jesus sa sanlibutan. Patuloy sa makamundong gawain. Ipinagpapaliban ang pagsisisi, pangungumpisal, at pagtulong sa kapwa.

Laging magbantay sa pagdating muli ni Jesus, sapagkat hindi natin alam ang araw at oras nito. Nawa handa ang buhay espirituwal natin sa pagyao, na hindi rin natin alam ang araw at oras nito.

Pagdiriwang

Ama, nawa mapabilang kami sa makakapasok sa Kaharian Niyo sa Langit.

Lunes
NOYEMBRE

09



KAPISTAHAN NG PAGTATALAGA SA PALASYONG SIMBAHAN SA LATERANO, ROMA

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 46:2-3, 5-6, 8-9

*Sa bayan ng dakilang Diyos
batis N'ya'y may tuwang dulot.*

Unang Pagbasa:

Ezekiel 47:1-2, 8-9, 12*

Ibinalik ako ng lalaki sa pasukan ng Bahay at nakakita ako ng tubig na umaagos na pasilangan. Nakaharap sa silangan ang Bahay, at sa timog na panig ng altar nagmumula ang tubig. (...)

Sabi niya sa akin, "Patungo sa silangan ang tubig na ito, pababa sa Arabah. Pag nakarating ang tubig na ito sa namamahong dagat, magiging malinis ang tubig ng dagat. Saanman makarating ang agos ng ilog na ito, mabubuhay roon ang maraming isda at mananariwa ang tubig. Magiging masagana ang buhay sa maaabot ng daloy nito.

Malapit sa ilog sa magkabilang panig, sisibol ang lahat ng uri ng namumungang punungkahoy na hindi malalanta at laging magkakaroon ng saganang bunga; (...)

Ikalawang Pagbasa:

1 Corinto 3:9k-11, 16-17

Ebanghelyo: Juan 2:13-22

Malapit na noon ang Paskuwa ng mga Judio, at umahon si Jesus pa-Jerusalem. Natagpuan niya sa patyo ng Templo ang mga nagtitinda ng mga baka, mga tupa at mga kalapati, at ang mga nakaupong tagapalit ng pera. Kaya gumawa siya ng panghagupit mula sa mga lubid, at ipinagtabuyan ang lahat mula sa Templo, pati ang mga tupa at mga baka, at isinabog ang pera ng mga tagapalit at ipinagtataob ang mga mesa. At sinabi niya sa mga nagtitinda ng mga kalapati: "Alisin n'yo ang mga ito! Huwag n'yong gawing palengke ang Bahay ng aking Ama." Naalaala ng kanyang mga alagad na nasusulat: "Tinutupok ako ng malasakit sa iyong Bahay."

Kaya sumagot ang mga Judio: "Anong tanda ang maipapakita mo sa amin at ginagawa mo ito?" Sinagot sila ni Jesus: "Gibain n'yo ang templong ito, at ibabangon ko ito sa tatlong araw." Sinabi naman ng mga Judio: "Apatnapu't anim na taon nang itinatayo ang templong ito, at ibabangon mo ito sa tatlong araw?" Ngunit and templong katawan niya ang kanyang tinutukoy. Nang ibangon siya mula sa mga patay, naalaala ng kanyang mga alagad ang sinabi niyang ito. Kaya naniwala sila sa Kasulatan at sa salitang sinabi ni Jesus.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1997, St. Joseph the Worker Parish

PARISH FIESTA: Mother of Divine Providence Parish

Pagmamasid

Paano ka kumilos sa isang gusaling pinagpipitagan mo, tulad ng palasyo ng pangulo o hari ng bansa? Ganito rin ba ang ating pag-uugali kapag nasa simbahan tayo, ang bahay ng Diyos?

Paghahawi

Gumawa si Jesus ng panghagupit, at ipinagtabuyan ang lahat mula sa Templo, pati tupa at baka, at saka isinabog ang pera ng tagapamalit. at itinaob ang mga mesa. Sinabi Niya: "Huwag ninyong gawing palengke ang Bahay ng aking Ama."

Pagtatabas

Iginagalang ko ba ang simbahan ng Diyos tuwing naroon ako?

Pagsasaayos

Nagalit si Jesus, bihirang nangyari sa Bagong Tipan ng Kasulatan, dahil ang bahay ng kanyang Ama ginawang tindahan ng mga materyal na bagay. May mga itinitinda na mataas ang presyo at mababa ang kalidad. Nais ni Jesus na ang bahay panalangin, igalang, at manatiling lugar nang pakikipag-usap at ugnayan sa Diyos.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa paalala na igalang ang bahay panalangin at hindi maging lugar nang pagsasamantala sa kapwa.

IKA-32 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

Dakilang Papa San Leon

Salmo 37:3-4, 18 at 23, 27 at 29

*Nasa D'yos ang kaligtasan
ng mga mat'wid at banal.*



Martes
10 NOBYEMBRE

Unang Pagbasa: Tito 2:1-8, 11-14

Sabihin mo ang naaayon sa magandang-aral. Maging simple ang matatandang lalaki, marangal, marunong magpasya, matatag sa pananampalataya, pag-ibig at pagtitiis.

Sa mga matatandang babae: maging banal sila sa kanilang kilos, hindi tsismosa o alipin ng alak, magaling sa pagtuturo ng mabuti, upang maturuan nila ang mga kabataang babae na mahalin ang kanilang asawa't mga anak; maging simple, dalisay, masipag sa bahay, mabait, masunurin sa kanilang asawa. Kayat walang lalapastangan sa salita ng Diyos. Sa mga kabataang lalaki: maging simple sila. Ipakita mong huwaran ng mabuting gawa ang iyong sarili sa lahat ng bagay: sa pagtuturo, kalinisan ng konsiyensya, karangalan, sa matinong aral na di matutuligsa upang mapahiya ang mga tumutuligsa sa atin at walang maiparatang sa atin.

Talaga ngang napakita na sa lahat ng tao ang kagandahang-loob ng Diyos na tagapagligtas. Itinuturo nito sa atin na itakwil ang hindi pagpapakabanal at mga makamundong pagnanasa, at mabuhay na tayo nang seryoso, makatarungan at naglilingkod sa Diyos sa mundong ito.

Hinihintay nga natin ang pinagpalang pag-asa: ang pagpapakita ng Luwalhati ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesucristo. Inialay niya ang sarili para sa atin upang tubusin tayo sa lahat ng kasalanan at dalisayin ang isang bayang pag-aari niya, bayang masigasig sa mabuting gawa.

Ebanghelyo: Lucas 17:7-10

*P*agpalagay nang may katulong na nag-aararo o nag-aalaga ng mga tupa ang isa sa inyo. Ano'ng sasabihin niya rito pagbalik nito galing sa bukid? Sasabihin kaya niya: 'Halika na't dumulog sa hapag'? Sa halip ay sasabihin niya: 'Ihanda mo ang aking pagkain; magbihis ka't pagsilbihan ako habang kumakain ako't uminom, at saka ka na kumain at uminom.' Dapat kaya kayong tumanaw ng utang-na-loob sa utusang iyon dahil ginawa nito ang iniutos? Gayundin naman sa inyo. Pagkagawa ninyo sa lahat ng iniutos sa inyo, sabihin ninyo: 'Mga karaniwang utusan kami; ginawa lang namin ang dapat naming gawin.'"

Pagmamasiid

Naranasan mo na ba maging utusan o katulong?

Paghahawi

Payo ni Jesus na pagkagawa natin sa lahat ng iniutos sa atin, sabihin natin na karaniwang katulong tayo. Ginawa lang natin ang dapat nating gawin.

Pagtatabas

Gagawin ko ba ang payo ni Jesus bilang isang lingkod Niya?

Pagsasaayos

Kung bayaran tayong katulong o utusan, inaasahan ng amo na gagawin natin ang ating mga tungkulin. Kung katulong tayo na walang bayad, ngunit sumang-ayon na gagawin ang isang bagay, inaasahan na tutuparin natin ang sinang-ayunan natin. Ginawa lang natin ang dapat nating gawin.

Sa nagsabi nito na gumawa nang mabuting hindi inaasahan o inaakala, nakikita ang kanyang kababaang-loob. Magandang tugon ang paggawa lang nang dapat gawin sa kapwa para sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming maging mababa ang kalooban sa paggawa nang dapat gawin sa paglingkod sa Inyo.



Unang Pagbasa: Tito 3:1-7

Paalaalahanan mo silang pasakop sa mga nasa kapangyarihan. Maging masunurin sila, handang gawin ang lahat ng mabuti; huwag nilang insultuhin ang kapwa o maging palaban; kundi maging matiisin sila at mabait sa lahat ng tao.

Ganito rin tayo noong una: walang-isip, masuwayin, naliligaw, alipin ng iba't ibang pagnanasa at kasiyahan, bihasa sa pami-merhuwiso at inggit, namumuhi sa isa't isa. Subalit ang kagandahang-loob ng Diyos na ating Tagapagligtas at ang kanyang pag-ibig sa tao ay ipinakita na. At iniligtas niya tayo hindi dahil sa mabubuting gawa na magagawa sana natin kundi mula sa kanyang awa. Sa paghuhugas tayo isinilang at sa Espiritu Santo naging bago, na masagana niyang ibinuho sa atin sa pamamagitan ni Jesucristo na ating Tagapagligtas. Sa pagkaligtas natin dahil sa kanyang kagandahang-loob naging tagapagmana rin tayo na umaasa sa buhay na walang hanggan.

Ebanghelyo: Lucas 17:11-19

Habang papunta si Jesus sa Jerusalem, dumaan siya sa hangganan ng Samaria sa Galilea. At pagpasok niya sa isang nayon, may sampung lalaking may ketong ang lumabas para salubungin siya. Tumayo ang mga ito sa malayo at tumawag nang malakas: "Jesus, Guro, maawa ka sa amin." At sinabi naman sa kanila ni Jesus: "Umalis kayo at humarap sa mga pari." At nangyari na gumaling sila habang naglalakad. Isa sa kanila ang agad na nagbalik nang makita niyang gumaling siya, at pasigaw niyang pinuri ang Diyos. Nagpatirapa siya sa paanan ni Jesus, sa pagpapasalamat sa kanya. Isa siyang Samaritano.

Kaya sinabi ni Jesus: "Di ba't sampu ang gumaling? Nasaan ang siyam? Wala bang bumalik para magpuri sa Diyos kundi ang dayuhang ito?" At sinabi sa kanya ni Jesus: "Tumayo ka, iniligtas ka ng iyong pananampalataya."

Pagmamasid

Gaano ka kalimit magpasalamat sa Diyos at sa kapwa sa iyong mga natanggap?

Paghahawi

Nang mapuna ng isang ketonging Samaritano na magaling na siya, nagbalik siyang sumisigaw ng pagpupuri sa Diyos. Nagpatirapa siya sa paanan ni Jesus at nagpasalamat. Sinabi ni Jesus na ang pananampalataya ng ketongin ang nagligtas sa kanya.

Pagtatabas

Katulad ba ako ng gumaling na Samaritano na nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos sa mga biyayang natanggap?

Pagsasaayos

Sa kultura natin, madalas marinig ang pasasalamat sa Diyos, lalo na sa gumaling sa isang sakit na walang lunas. May mga taong relihiyoso na sanay purihin ang Diyos sa anumang biyayang natanggap, pati na ang paggaling sa sakit.

Pagdiriwang

Ama, papuri at salamat sa pagpapagaling ni Jesus ng mga maysakit, at sa biyaya ng aming pananampalataya na pumuri at magpasalamat nang may kababaang-loob sa Inyo at Panginoong Jesus.

IKa-32 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Pula)

San Josafat

Salmo 146:7, 8-9a, 9bk-10

Mapalad ang kinukupkop
ng Poong Diyos ni Jacob.



Unang Pagbasa: Filemon 7-20

Talagang natuwa ako nang husto at nasyahan sa iyong pagmamahal; pinaghinawa mo nga ang kalooban ng mga banal na kapatid.

Mayroon man akong lakas ng loob kay Kristo upang iutos sa iyo ang nararapat, magsusumamo pa rin ako sa iyo alang-alang sa pagmamahal. Oo, si Pablo, na matandang tao, at ngayoy isa ring bilanggo para kay Kristo Jesus ang nagsusumamo sa iyo para sa aking anak, na naging akin sa pagkakabilanggo ko, si Onesimo. Noong dati wala siyang silbi para sa iyo. Pero ngayon may silbi na siya para sa iyo at para sa akin. Pinababalik ko siya sa iyo, siya na bahagi ng aking puso. Napag-isipan kong panatilihin siyang kasama ko, upang maglingkod sa akin sa ngalan mo habang nakabilanggo ako alang-alang sa ebanghelyo. Subalit hindi ko gustong gumawa ng anumang hakbang nang wala kang pasya: huwag sanang maging sapilitan ang ipagkakaloob mo sa akin, kundi bukal sa iyong kalooban.

Marahil nga'y ito ang dahilan kung bakit siya pansamantalang nawalay sa iyo, upang tanggapin mo siya nang pirmihan. Hindi na bilang alipin kundi higit pa sa alipin, isang mahal na kapatid, lalo na para sa akin at lalong higit pa para sa iyo, maging sa laman o sa Panginoon.

Kung kasama mo nga ako, tanggapin mo siya bilang ako. At kung nagkamali man siya sa iyo sa anumang bagay, o nagkakautang, ilista mo ito sa akin. Ako, si Pablo, ang may sulat-kamay nito, ako ang magbabayad – huwag na nating sabihing utang mo sa akin ang iyo mismong sarili. Oo, kapatid, umaasa ako sa tulong mo sa Panginoon. Paginhawahin mo ang aking loob kay Kristo.

Ebanghelyo: Lucas 17:20-25

Tinanong siya ng mga Pariseo kung kailan darating ang paghahari ng Diyos at sumagot siya: “Hindi lantaran ang pagdating ng kaharian ng Diyos; di masasabing ‘Narito o naroon,’ nasa inyo na nga ang kaharian ng Diyos.”

Sinabi ni Jesus sa mga alagad: “Darating ang panahon na pananabikan ninyong makita ang isa sa mga araw ng Anak ng Tao at di naman ninyo makikita. At may magsasabi sa inyo ‘Narito siya, naroon.’ Huwag kayong pupunta, huwag maghahanap. Sumisiklab nga ang kidlat at nagniningning mula sa isang dako ng langit hanggang sa kabila, gayundin naman ang Anak ng Tao sa araw ng kanyang pagdating. Subalit kailangan muna niyang magtiis ng marami at itakwil ng mga tao sa kasalukuyan.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Aristeo M. De Leon

Pagmamasiid

Meron ka bang hinihintay na pagbabalik ng isang mahal sa buhay?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad, darating ang panahon na pananabikan nilang makita, ang isa sa mga araw ng Anak ng Tao, at di naman nila makikita.

Pagtatabas

Nananabik ba tayo na makita ang Panginoong Jesus, ang Anak ng Tao, sa Kanyang pagbabalik sa huling hukuman?

Pagsasaayos


May halong pananabik at pangamba ang pag-iisip sa pagbabalik ni Jesus. Nananabik tayong makita Siya, ngunit nangangamba kung handa tayo sa huling paghuhukom.

Kaya't mahalagang magsisi agad sa kasalanan, lalo na sa mabibigat na sala. Huwag hintayin ang kumpisalang bayan tuwing Adviento o Kuwaresma.

Maaaring lumapit sa pari anumang oras upang ikumpisal ang kasalanan at muling mapanumbalik sa Diyos.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa lagi kaming handa sa aming hinihintay na muling pagbabalik Ninyo.



Unang Pagbasa: 2 Juan 4-9

Lubos kong ikinagalak na matagpuan ang iyong mga anak na namumuhay sa katotohanan, ayon sa utos na tinanggap natin sa Ama. Kaya ako'y may hihingin sa iyo, Ginang, – hindi ang isang bagong utos kundi ang taglay natin mula noong una pa: mahalín natin ang isa't isa. Nasaan ang pag-ibig? Sa pamumuhay ayon sa mga utos niya. Ito ang utos; natutuhan ninyo ito nang una pa at dapat ninyong isabuhay ito.

Sapagkat marami ang manlililang na nagkalat sa mundo na hindi kumikilala na Mesiya si Jesus sa pagkakatawang-tao niya. Ganito rin ang manlililang na antikristo. Mag-ingat kayo at baka mawala ang inyong pinagpaguran. Sa halip, tanggapin sana ninyo ang buong suweldo. Hindi na taglay ang Diyos ng nagsasapanganib at hindi nananatili sa aral ni Kristo. Ang nananatili naman sa aral, ito ang may taglay sa Ama at sa Anak.

Ebanghelyo: Lucas 17:26-37

Tulad ng nangyari sa panahon ni Noe, gayundin sa mga araw ng Anak ng Tao. Kumakain sila at umiinom, nag-aasawa ang mga lalaki at mga babae, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong at dumating ang Baha na pumuksa sa lahat. Tulad sa panahon ni Lot: kumakain sila at umiinom, nagtitinda at namimili, nagtatanim at nagtatayo. At nang lumabas si Lot mula sa Sodom, nagpaulan ang Diyos mula sa langit ng apoy at asupre na pumuksa sa lahat. Ganito rin sa araw na ibubunyag ang Anak ng Tao.

Sa araw na iyon, huwag nang bumaba pa sa bahay ang nasa terasa para kunin ang kanyang mga gamit at huwag nang umuwi pa ang nasa bukid. Alalahanin ninyo ang asawa ni Lot. Ang sinumang magsikap na magligtas ng sarili ay mawawalan nito, at ang mawawalan naman ng sarili ang magsisilang nito sa buhay.

Sinasabi ko sa inyo: kung may dalawa sa isang higaan sa gabing iyon, dadalhin ang isa at iiwan ang isa pa; kung may dalawang babaeng magkasamang gumigiling, dadalhin ang isa at iiwan ang isa pa." At itinanong naman nila: "Saan, Panginoon?" Sumagot siya. "Kung nasaan ang katawan, doon nagtitipon ang mga buwitre."

Pagmamasid

Marami bang pagkakataon, na iniisip ko muna ang aking sarili kaysa kapakanan ng kapwa?

Paghahawi

Turo ni Jesus "ang nagsusumikap na mailigtas ang sarili, mawawalan nito. at ang mawawalan naman ng sarili, ang magsisilang nito sa buhay."

Pagtatabas

Naranasan ko na ba ang paalala ni Jesus? May mga pagkakataong kapag inuuna ko ang sarili, mas lalo akong nawawalan -- ng kapayapaan, ng ugnayan, ng biyaya. Ngunit kapag inuuna ko ang kapwa, may kakaibang kagalakan at gantimpala.

Pagsasaayos

Sa trabaho o samahan, madaling makita ang kaibahan ng makasarili at ng mapagmalasakit. Mas pinapahalagahan, mas pinagkakatiwalaan ang taong inuuna ang kapwa. Hindi lamang tagumpay sa lupa ang gantimpala nila, kundi biyaya sa langit. Tanda ng tunay na pagiging alagad ni Kristo ang pagiging hindi makasarili.

Pagdiriwang

Ama, paalalahanan at tulungan Niyo kaming lagi na unahin ang kapakanan ng aming kapwa.

IKA-32 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria

Salmo 112:1-2, 3-4, 5-6

*Mapalad s'ya na may takot sa D'yos
na magandang-loob.*



Sabado
14 NOBYEMBRE

Unang Pagbasa: 3 Juan 5-8

Minamahal, mabuti ang ginagawa mo para sa mga kapatid, lalo na sa mga taga ibang lugar. Pinatotohanan nila sa harap ng pamayanan ang iyong pag-ibig. Mabuti rin kung matutulungan mo silang ipagpatuloy ang kanilang paglalakbay sa paraang karapat-dapat sa Diyos. Alang-alang sa Pangalan niya sila naglakbay nang walang tinanggap sa di-Kristiyano. Dapat natin talagang tulungan ang ganyang mga tao at sa gayon tulungan ang mismong katotohanan.

Ebanghelyo: Lucas 18:1-8

Dapat laging manalangin at huwag masiraan ng loob – ito ang sinabi ni Jesus sa kanila sa isang talinhaga. Sinabi niya: “Sa isang lunsod, may isang hukom na walang takot sa Diyos at walang pakialam sa mga tao. May isa ring biyuda sa lunsod na iyon na madalas pumunta sa kanya at sinasabi:

‘Igawad mo sa akin ang katarungan laban sa aking kalaban.’ Matagal siyang umayaw pero naisip niya pagkatapos: ‘Wala man akong takot sa Diyos at walang pakialam sa tao, igagawad ko pa rin ang katarungan sa biyudang ito na bumubuwisit sa akin at baka masiraan pa ako ng ulo sa pagpunta-punta niya.’”

Kaya idinagdag ng Panginoon: “Pakinggan ninyo ang sinabi ng di-matuwid na hukom. Di ba’t igagawad ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na araw-gabing tumatawag sa kanya? Pababayaang ba niya sila? Sinasabi ko sa inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang katarungan. Ngunit pagdating ng Anak ng Tao, makakakita kaya siya ng pananampalataya sa lupa?”

Pagmamaisid

Masasabi ba ng mga kaibigan ko na makulit ako kapag may hinihiling?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: “Di ba’t igagawad ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na araw-gabing tumatawag sa kanya?”

Pagtatabas


Nasubukan mo na bang humiling ng katarungan sa Diyos araw-gabi, at iginawad Niya ang iyong hiling?

Pagsasaayos

Payo ng mapagmahal at maawaing Panginoong Jesus na patuloy lang tayong humingi ng katarungan sa Diyos, at igagawad Niya ito sa atin. Minsan, kung hindi madalas, walang katarungan sa lipunan kung salapi o personal na interes ang naghahari. Araw-gabi tayong manalangin ng katarungan mula sa Diyos, at tatatamo rin natin ito.

Pagdiriwang

Ama, nawa hindi kami manghinawang humiling ng katarungan Niyo, lalo sa panahon ng aming kawalan at paghihirap.



Unang Pagbasa:

Kasabihan 31:10-13, 19-20, 30-31

Nasaan ang matibay na asawa? Mahalaga pa siya kaysa perlas.

Nagtitiwala sa kanya ang kanyang asawa, hindi maliit ang pakinabang para sa kanya.

Kabutihan ang idinudulot niya sa lalaki at di kasamaan sa lahat ng araw ng kanyang buhay.

Siya'y naghahanap ng lana at lino, at gumagawang kusa ang kanyang mga kamay.

Nakatangan sa panulid ang kanyang mga kamay, at nakakapit sa panghabi.

Bukas ang kanyang palad sa mahihirap, sa mga nangangailangan.

Magdaraya ang pang-akit at kumukupas ang kagandahan; ang babaeng takot kay Yawe ang dapat papurihan.

Tamasahin niya ang bunga ng kanyang pinagpaguran at purihin siya sa lahat niyang gawa.

Ikalawang Pagbasa:

1 Tesalonika 5:1-6

Hindi na kayo kailangang sulatan pa tungkol sa panahon at oras na iyon. Alam nga ninyo na darating na parang magnanakaw sa gabi ang Araw ng Panginoon. Habang sinasabi ng mga tao na "May katiyakan at kapayapaan," bigla namang darating sa kanila ang kapahamakan tulad sa paghihirap ng isang babaeng manganganak at hindi sila makatatakas.

Ngunit hindi naman kayo sa kadiliman, mga kapatid; kaya hindi kayo daratnan ng araw na iyon na parang isang magnanakaw. Mga taong-liwanag at taong-araw kayong lahat; hindi tayo kakampi ng gabi at kadiliman. Huwag lamang kayong matulog gaya ng iba kundi manatili kayong gising at hulasa.

Ebanghelyo: Mateo 25:14-30

*P*agpalagay natin na may isang tao, na bago mangibang-bayan ay tinawag ang kanyang mga katulong at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang mga ari-arian. Limang talentong pilak ang ibinigay niya sa una, dalawa naman sa isa pa, at isa sa pangatlo, batay sa kaya ng bawat isa. At saka siya umalis.

Agad na ipinagnegosyo ito ng nakatanggap ng limang talento at kumita ng lima pa. Nagnegosyo rin ang nakatanggap ng dalawa at kumita ng dalawa pa. Humukay naman sa lupa ang may isang talento at itinago ang pilak ng kanyang amo.

Pagkaraan ng matagal na panahon, bumalik ang amo ng mga katulong na ito at hiningan sila ng pagsusulit. Kaya lumapit ang nakatanggap ng limang talento dala ang tinubong lima pang bareta, at sinabi: 'Panginoon, ipinagkatiwala mo ang limang bareta sa akin, at tingnan mo, tumubo pa ako ng limang talento.' Sumagot ang amo:

'Mabuti, mabait at matapat na katulong; dahil naging tapat ka sa kaunting bagay, pagkakatiwalaan kita ng higit pa rito. Halika at makibahagi sa kaligayahan ng iyong panginoon.'

Lumapit naman ang may dalawang talento at nagsabi: 'Panginoon, ipinagkatiwala mo ang dalawang talento sa akin, at ngayo'y tumubo pa ako ng dalawang talento.' Ang sabi ng amo: 'Mabuti, mabait at matapat na katulong; dahil naging tapat ka sa kaunting bagay, pagkakatiwalaan kita ng higit pa rito. Halika at makibahagi sa kaligayahan ng iyong panginoon.'

Sa bandang huli, dumating ang nakatanggap ng isang talento at nagsabi: 'Panginoon, alam kong mahigpit kang tao. Inaani mo ang di mo itinanim at nililikom ang hindi mo ipinagnegosyo. Natakot ako kaya itinago ko ang iyong talento sa lupa. Heto ang sa iyo.' Ngunit sinagot siya ng kanyang amo: 'Masama at walang kuwentang katulong, alam mo palang inaani ko ang hindi ko itinanim at nililikom ang hindi ko ipinagnegosyo. Sana'y dinala mo sa bangko ang aking pilak at mababawi ko ang sa akin pati na ang tubo pagdating ko.'

Kaya kunin ang talento sa kanya at ibigay ito sa may sampu pa. Sapagkat sa sinumang meron, bibigyan pa siya at magkakaroon nang sagana; ngunit ang wala, maging ang sa kanya ay aagawin sa kanya. Para sa walang silbing katulong, itapon siya sa dilim kung saan may iyakan at pagngangalit ng ngipin.'

DATE OF ESTABLISHMENT: 1978, Parokya ng Pagkabuhay

Pagmamasid

Ano ang kaya kong palaguin?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Sapagkat sa sinumang meron, bibigyan pa siya at magkakaroon nang sagana; ngunit ang wala, maging ang sa kanya, aagawin sa kanya."

Pagtatabas

Pinagyyaman at ginagamit ko ba sa pagtulong sa kapwa ang mga biyayang kaloob sa akin ng Diyos?


Pagsasaayos

Biniyayaan tayo ng Diyos ng panahon, kakayahan at yaman para sa ikauunlad ng ating buhay at ng ating kapwa. Pagyamanin, linangin, at ibahagi ang mga ito sa iba, lalo na sa nangangailangan. Kapag hindi natin ginagawa ito, maaaring mawala ito sa atin.

Halimbawa, ang talento ng pagsulat, kapag hindi ginagamit, hihina at maaaring mawala. Ang yaman na hindi maibabahagi, maaring manakaw. Ang panahon na hindi nagagamit dahil sa pagpapaliban ng mga gawain, maaring kapusin sa pagtapos ng mga nag-ipon-ipong gawa.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa mga biyayang ipinagkaloob Niyo sa amin. Nawa mapagyyaman namin ito at maibahagi sa kapwa ang galing sa Inyo.



"Dahil naging tapat ka sa kaunting bagay, pagkakatiwalaan kita ng higit pa rito."

Lunes
NOYEMBRE
16



IKA-33 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)

*Santa Margarita ng Escosia /
Santa Gertrudes*

Salmo 1:1-2, 3, 4 at 6

*Kakain ang magwawagi
sa puno ng buhay lagi.*

Unang Pagbasa:

Pagbubunyag 1:1-4; 2:1-5*

(...) Mapalad ang gumagawa ng pagbasa at ang mga nakikinig sa mga maka-propetang salitang ito at nagtatanda ng mga nasusulat dito: malapit na nga ang panahon. Binabati ni Juan ang pitong Iglesyang nasa probinsyang Asia: Sumainyo ang kagandahang-loob at kapayapaan buhat sa kanya na Siyang ngayon, noon at darating, buhat sa pitong espiritung nasa harapan ng kanyang trono.

Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Efeso: "Ito ang sinasabi ng kumikilos sa gitna ng pitong ilawan at may hawak sa pitong bituin sa kanang kamay: Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong pagpapagod at pagbabata. Hindi mo nga matiis ang mga masama, kaya sinubok mo ang mga nagpapanggap na mga apostol (ngunit hindi totoo), at natuklasan mo silang sinungaling. Matiisin ka; pinahirapan ka dahil sa aking pangalan at hindi ka nan-lupaypay. Ngunit mayroon akong maisisipi sa iyo: pinabayaan mo ang iyong unang pag-ibig. Tandaan mo kung saan ka nahulog; magbago upang magawa ang unang mga gawa mo. Kung hindi, pariryan ako, at aalisin ko ang iyong ilawan mula sa lugar nito; gagawin ko iyon kung hindi ka magbabago.

Ebanghelyo: Lucas 18:35-43

Nang malapit na si Jesus sa Jerico, may isang bulag doon na nakaupo sa tabi ng daan at nagpapalimos. Nang marinig niya ang maraming taong nagdaraan, itinanong niya kung bakit. At may nagsabi sa kanya: "Sina Jesus na taga-Nazaret ang dumaraan." Kaya sumigaw siya: "Jesus, Anak ni David, maawa ka sa akin." Pinagsabihan siya at pinatahimik ng mga nauuna pero lalo naman niyang nilakasan ang sigaw: "Anak ni David, maawa ka sa akin."

Kaya tumigil si Jesus at ipinadala ang bulag sa kanya, at nang malapit na ay itinanong: "Ano'ng gusto mong gawin ko sa iyo?" Sinabi nito: "Panginoon, makakita sana ako." At sinabi ni Jesus: "Manumbalik ang paningin mo, iniligtas ka ng iyong pananalig." Agad siyang nakakita at niluluwalhati ang Diyos na sumunod kay Jesus. At nagpuri rin sa Diyos ang lahat ng nakakita rito.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Emmanuel C. Vallega, O. Carm

Pagmamaisid

Kanino ako pananalig sa gitna ng pagsubok o problema?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa bulag: "... iniligtas ka ng iyong pananalig."

Pagtatabas

Sa matinding pagsubok o problema, nawawala ba ang pananalig ko sa Diyos?

Pagsasaayos

Isang huwaran ang bulag sa kanyang pananalig na sa tulong ng Diyos, makakakita siyang muli. Magdadala sa atin ng kagalangan ang pananalig at katapatan sa Diyos. Ibahagi natin ang pananalig at pag-asa natin sa Diyos sa mga kapwang nangangailangan nito.

Pagdiriwang

Ama, huwag ninyong itulot na mawalay kami sa Inyo, dahil sa kawalan ng pananalig at katapatan sa Inyo.

IKA-33 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Santa Isabel ng Unggaria

Salmo 15:2-3a, 3bk-4ab, 5

*Luluklok ang nagtagumpay,
kasalo ko habambuhay.*



Martes
17 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 3:1-6, 14-22*

Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Sardis: "Ito ang sinasabi ng mayroong pitong espiritu ng Diyos at pitong bituin:

Alam ko ang iyong mga gawa. Tinatawag ka na buhay, pero patay ka. Gumising ka at patibayin mo ang mga nalabing malapit nang mamatay. Hindi ko nga nakita na ganap sa paningin ng Diyos ang iyong mga gawa. Tandaan mo kung paano kang tumanggap at nakarinig; tumupad ka at magbago. Kung hindi ka magbabantay, darating akong parang magnanakaw sa oras na hindi mo inaasahan. Gayunman, mayroon kayong ilang tao sa Sardis na hindi narumhan ang damit; sasama sila sa akin, na may damit na puting marapat sa kanila. Daramtan ng puti ang magtatagumpay at di ko buburahin kailanman ang kanyang pangalan sa aklat ng buhay; at kikilanlin ko rin ang kanyang pangalan sa harap ng aking Ama at ng kanyang mga anghel.

Makinig ang may pandinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya. (...)

Ebanghelyo: Lucas 19:1-10

Pumasok si Jesus sa Jerico at dumaan sa siyudad. At may isang taong nag-ngangalang Zakeo. Pinuno siya ng mga kolektor ng buwis at napakayaman. Sinikap niyang makita kung sino si Jesus pero pandak siya at hindi niya magawa dahil sa dami ng mga tao. Kaya patakbo siyang umuna at umakyat sa isang punong-malaigos para makita si Jesus pagdaan doon. Pagdating ni Jesus sa lugar na iyon, tumingala siya at sinabi sa kanya: "Zakeo, bumaba ka agad. Sa bahay mo nga ako dapat tumigil ngayon."

Nagmamadali siyang bumaba at tuwang-tuwang tinanggap si Jesus. Inireklamo naman sa isa't isa ng lahat ng nakakita rito: "Sa bahay ng isang lalaking makasalanang siya nakituloy." Ngunit tumayo si Zakeo at sinabi sa Panginoon: "Panginoon, ibibigay ko sa mga dukha ang kalahati ng aking mga ari-arian; at kung may nadaya ako, apat na beses ko siyang babayaran." At sinabi sa kanya ni Jesus: "Dumating ngayon ang kaligtasan sa sambahayang ito dahil anak nga ni Abraham ang taong ito. At dumating ang Anak ng Tao para hanapin at iligtas ang nawawala."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Noel B. Azupardo

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang hanapin at iligtas ka ng mahal sa buhay?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Dumating ang Anak ng Tao para hanapin at iligtas ang nawawala."

Pagtatabas

Isa ba ako sa nawawala na kailangang hanapin at iligtas ni Jesus, ang Anak ng Tao?

Pagsasaayos

Isa si Zakeo sa mga taong hinanap at iniligtas ni Jesus bago ang Kanyang paghihirap at pagkapako sa Krus. Sa kabila ng pagiging makasalanang pagkolekta ng buwis, tinawag siya ni Jesus, binisita sa kanyang tahanan, at binigyan ng pagkakataong magbagong-buhay. Patunay ito na nagsimula hindi lamang sa Krus ang misyon ni Jesus bilang Tagapagligtas ng sangkatauhan, kundi sa bawat taong Kanyang tinulungan, pinatawad, at binigyan ng bagong pag-asa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, maraming salamat sa Inyong paghahanap sa aming mga makasalanang at sa patuloy Niyong pagliligtas sa pamamagitan ng Simbahan na nagpapalaganap ng Inyong turo at aral.



**IKA-33 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHOON**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)
*Pagtatalaga sa mga Palasyong
Simbahan nina Apostol San Pedro
at san Pablo sa Roma*

Salmo 150:1b-2, 3-4, 5-6
*Banal ka, Poong Maykapal,
D'yos na Makapangyarihan.*

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 4:1-11

Ebanghelyo: Lucas 19:11-28*

(...) Sinabi niya: "May isang maharlikang tao na pumunta sa malayong lupain para mahirang na hari at saka siya babalik. Tinawag niya ang sampu niyang katulong at binigyan sila ng tig-iisang baryang ginto at sinabi sa kanila: 'Ipagnegosyo ninyo ito hanggang sa aking pagbalik.'

Namumuhi sa kanya ang kanyang mga kababayan kaya nagsugo sila ng ilang kinatawan para sabihin: 'Ayaw naming maghari sa amin ang taong ito.' Gayon pa ma'y bumalik siya pagkahirang bilang hari. Ipinatawag niya ang mga katulong na binigyan niya ng baryang ginto para malaman kung magkano ang tinubo ng bawat isa. Humarap ang una at sinabi: 'Panginoon, tumubo ng sampu pa ang barya mong ginto.'

Sumagot siya: 'Magaling, mabuting utusan; dahil naging matapat ka sa maliit na bagay, mapamamahala kita sa sampung lunsod.' Dumating ang ikalawa at sinabi: 'Panginoon, tumubo ng lima pa ang iyong baryang ginto.' Sinabi nito sa kanya: 'Mamamahala ka sa limang lunsod.'

Dumating ang isa pa at sinabi: 'Panginoon, narito ang iyong baryang ginto. Binalot ko ito sa isang panyo at itinago. Natatakot ako sa iyo dahil mapaghanap kang tao, kinukuha mo ang di mo idineposito at inaani ang di mo inihasiik.'

Sinabi sa kanya ng panginoon: 'Masamang utusan, sa sarili mong mga salita kita hahatulan. Alam mo palang mapaghanap ako, na kinukuha ko ang di ko idineposito at inaani ang di ko inihasiik, bakit di mo idineposito sa bangko ang aking baryang ginto? At makukubra ko sana iyon pati na ang interes pagbabalik ko.' At sinabi niya sa mga naroon: 'Kunin sa kanya ang baryang ginto at ibigay sa may sampu.' Sumagot sila: 'E, Panginoon, may sampung baryang ginto na siya.'

'Sinasabi ko sa inyo: bibigyan ang meron pero aalisan ang wala, kahit na ang meron siya ay kukunin sa kanya. Ngunit dalhin ninyo rito ang aking mga kaaway na ayaw akong maghari sa kanila at patayin sa harap ko.'

Pagkasabi nito, umuna si Jesus sa kanila pa-Jerusalem.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Ambrosio Nonato C. Legaspi

Pagmamasiid

Kapag may habilin sa akin na palaguin ang perang ipagkakatiwala sa akin, magagawa ko ba ito?

Paghahawi

Sa talinhaga ni Jesus tungkol sa maharlikang umalis at nagbilin na inegosyo ang sampung gintong ibinigay sa sampung katulong. Dinoble ng una ang gintong hawak niya. Nadagdagan ng limang ginto yung hawak ng ikalawa. Yung ikatlo, itinago ang ginto. Kinuha ng amo sa pagbalik niya yung gintong ng ikatlo. Ibinigay ito sa unang katulong. Sinabi ng amo na bibigyan ang nagnegosyo, pero aalisan ang walang ginawa.

Pagtatabas

Naglalaan ba tayo ng sandali upang namnamin at pagnilayan ang mga kaganapan sa ating buhay? Tulad ng mga pastol, niluluwalhati at pinupuri ba natin ang mga ito sa Diyos?

Pagsasaayos

Maihahambing ang ginto ng mga katulong sa ating pananampalatayang Katoliko. Maasahan ba tayong magagawa ang habiling palaguin ito? Sa ating binyag, may misyon tayong maging pari, propeta, at hari. Misyong ito na magpapalago at magbabahagi ng ating pananampalataya sa kapwa na may kababaang loob.

Pari tayo sa pagtanggap ng mga Sakramento ng Simbahan at pag-anyaya sa iba na gawin din ito. Propeta tayo sa pagbabahagi ng mga aral ni Jesus. Hari tayo sa pagtulong sa kapwa na walang hinihinging kapalit.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Ninyo kaming mapalago ang ipinagkaloob Niyong mga biyaya, lahat para sa Kaluwalhatian Niyong.

IKA-33 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 149:1b-2, 3-4, 5-6a at 9b

*Ginawa mo kaming pari,
isang maharlika ng lipi.*



Huwebes
19 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 5:1-10

At nakita ko ang isang rolyong nasa kanang kamay ng nakaupo sa trono. May sulat sa loob at sa labas nito at nakadikit dito ang pitong tatak na panara. At nakita ko ang isang anghel na malakas na sumigaw: “Sino ang karapat-dapat magbukas ng rolyo at kalagin ang mga panarang tatak?” Ngunit maging sa mga nasa langit o nasa lupa o nasa ilalim ng lupa, walang maaaring makapagbukas at makabasa sa rolyo. Kaya labis akong umiyak dahil walang karapat-dapat na magbukas at bumasa sa rolyo. At sinabi sa akin ng isa sa matatanda: “Huwag kang umiyak. Nagtagumpay na ang leon ng tribu ng Juda, ang supling ni David: siya ang makapagbubukas ng rolyo at ng pitong tatak nito.

At sa pagitan ng tronong may apat na buhay na nilalang at ng dalawampu't apat na matatanda, nakita kong nakatayo ang isang Kordero na waring ginilitan ng leeg. Mayroon siyang pitong sungay at pitong mata – ang mga espiritu ng Diyos na sinusugo sa buong sangkalupaan.

Lumapit siya at kinuha niya ang rolyo mula sa kanang kamay ng nakaupo sa trono. Nang makuha na niya ang rolyo, nagpatirapa ang apat na nilalang na buhay at ang dalawampu't apat na matatanda sa harap ng Kordero. Lahat sila'y may dalang lira at mga gintong kopang puno ng insenso, na siyang mga panalangin ng mga banal.

At ito ang bagong awit na inaawit nila: *Karapat-dapat ka na tumanggap sa rolyo magbukas ng mga tatak nito sapagkat pinatay ka at sa iyong dugo binili mo para sa Diyos ang mga taong mula sa lahat ng lahi, wika, bayan at bansa. Ginawa mo silang isang kaharian at mga pari sa aming Diyos, at maghahari sila sa sangkalupaan.*

Ebanghelyo: Lucas 19:41-44

Nang malapit na siya at kita na ang lunsod, iniyakan ito ni Jesus: “Kung nalalaman mo lamang sana sa araw na ito ang daan sa kapayapaan! Ngunit ngayo'y hindi mo ito nakikita. Sasapit sa iyo ang mga araw na magkakampo sa paligid mo ang iyong mga kaaway, kukubkubin ka at sisikilin sa lahat ng dako. Iguguho ka nila sa iyong mga anak, at walang iiwang magkapatong na bato sa iyo. Sapagkat hindi mo nalaman ang panahon ni ang pagdalaw ng iyong Diyos.”

Pagmamasid

May mga pagkakataon ba na hindi na natin ginagawa ang mabuti dahil tila maayos at payapa naman ang paligid? Ngunit hindi nakadepende sa sitwasyon ang tunay na kabutihan dapat isabuhay ito sa lahat ng oras.

Paghahawi

Sapagkat sinabi ni Jesus “hindi mo nalaman ang panahon ni ang pagdalaw ng iyong Diyos.”

Pagtatabas

Lagi ba tayong handa sa pagdalaw ng Diyos, kahit hindi natin alam kung kailan ito?

Pagsasaayos

Sinabi ni Jesus na ang Ama lang ang nakakaalam kung kailan ang pagbabalik ni Jesus sa huling paghuhukom. Kung minsan, dahil maayos at mapayapa ang ating buhay, bumabalik tayo sa dating masamang gawain. Payo ni Jesus na laging maging handa ang ating buhay espirituwal sa pagdalaw ng Diyos, sa huling paghuhukom, kahit hindi natin alam kung kailan ito.

Pagsisihan agad anumang pagtalikod natin sa Diyos. Ikumpisal ang mabigat na kasalanan. Palaging tumulong sa nangangailang kapwa. Ipanalangin ang mga kaluluwa sa purgatory at lahat ng tao sa mundo, lalo na ang mga nakakaligtaan o napagsasamantalangang tao.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo maging laging handa ang aming espirituwal na buhay araw-araw.



**Unang Pagbasa:
Pagbubunyag 10:8-11**

Ang tinig na aking narinig mula sa langit ay muling nagsalita sa akin. Sabi niya: "Tumindig at kunin ang nakabukas na munting libro ng anghel na nakatayo sa dagat at sa lupa." Lumapit ako at hiningi sa anghel na ibigay sa akin ang munting aklat. Sabi niya: "Kunin at kanin ito; kahit sintamis ng pulot-pukyutan sa bibig mo, ito'y papait sa tiyan mo."

Pagkatanggap ko ng munting aklat sa kamay ng anghel, kinain ko iyon. Sintamis ng pulot-pukyutan sa aking bibig; pagkakain ko naman nito, pumait ito sa aking tiyan. At sinabi sa akin: "Dapat kang muling mag-propeta laban sa maraming lahi, bansa, wika at hari."

Ebanghelyo: Lucas 19:45-48

Pumasok si Jesus sa patyo ng Templo at pinalayas ang mga nagtitinda, at sinabi niya: "Nasusulat: '*Magiging bahay-dalanginan ang aking bahay,*' pero ginawa ninyong pugad ng mga magnanakaw!"

Araw-araw na nangangaral si Jesus sa Templo. Hangad siyang patayin ng mga punong-pari at mga guro ng Batas, kasama ang mga Matatanda ng bayan. Ngunit wala silang magawa dahil taimtim na nakikinig sa kanya ang buong bayan.

Pagmamasid

May gusali ba akong iginagalang tuwing pumapasok ako rito? Alin ito at sa paanong paraan?

Paghahawi

Sinabi niya: "Nasusulat: '*Magiging bahay-dalanginan ang aking bahay,*' pero ginawa ninyong pugad ng mga magnanakaw!"

Pagtatabas

Paano ko ipinapakita ang aking paggalang sa bahay-dalanginan?

Pagsasaayos

May may taong maingay sa simbahan, sa paghihintay ng simula ng Banal na Misa. Sa Tabernakulo, naroon si Jesus sa anyong tinapay. Narapat lamang na igalang at panatihin ang katahimikan bilang paggalang na rin sa mga nananalangin sa Diyos.

Sa Misa, sikapin natin ang lubos na pakikiisa sa Diyos at sa mga kapwang nanalangin, sa halip na iniisip ang mga materyal na alalahanin o gagawin. Malaking pagkakataon ang Misa bilang ugnayan natin sa Diyos at mga banal sa Langit.

Pagdiriwang

Ama, paalalahanan Niyo kami na igalang lagi ang simbahan, ang Inyong bahay-dalanginan.

IKa-33 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

Pagdadala sa Mahal na Birhen sa Templo

Salmo 144:1b, 2, 9-10

*Ang Poon ay papurihan,
siya ang aking sanggalang.*



Sabado
21 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 11:4-12

Ebanghelyo: Lucas 20:27-40

Lumapit noon ang ilang Sadduseo na mga taong tutol sa pagkabuhay. At itinanong nila kay Jesus: "Guro, isinulat ni Moises para sa amin: 'Kung may magkakapatid na lalaki at mamatay na walang anak ang isa sa kanila, kailangang kunin ng kanyang kapatid ang kanyang asawa para magpasibol ng supling sa kanyang kapatid.' Ngayon, may pitong magkakapatid na lalaki. Nag-asawa ang panganay at namatay na walang anak. Kinuha ng pangalawa ang biyuda, at pagkatapos ay ng pangatlo naman, pero hindi nagkaanak ang pito. Namatay sila at sa bandang huli'y namatay rin ang babae. Sa pagkabuhay, kanino sa pito siya maituturing na asawa? Ang pito nga ang umangkin sa kanya."

Sinagot sila ni Jesus: "Nag-aasawa ang mga taong nasa daigdig na ito, lalaki man o babae. Ngunit hindi na mag-aasawa ang mga ituturing na karapat-dapat sa kabilang-buhay at sa pagkabuhay ng mga patay, lalaki man o babae. Hindi na nga sila mamamatay. Kapantay na sila ng mga anghel at mga anak sila ng Diyos matapos silang ibangon. Tiyak na may pagkabuhay ng mga patay; ipinahiwatig ito kahit na ni Moises sa kabangata ng palumpong nang tawagin niyang Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac at Diyos ni Jacob ang Panginoon. Hindi siya Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay, at buhay na kasama niya silang lahat."

Nagsalita ang ilang guro ng Batas: "Guro, talaga ngang tama ang iyong sinabi." Mula noo'y wala nang nangahas na magtanong pa sa kanya.

Pagmamasisid

Ano ang mangyayari sa iyo sa pagyao mo? Naniniwala ba tayo na may buhay pa pagkatapos ng kamatayan?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Tiyak na may pagkabuhay ng mga patay." Ito ang tugon ni Jesus sa mga Sadduseo na hindi naniniwala sa muling pagkabuhay. Ipinahayag Niya na Diyos ng mga buhay ang Diyos, hindi ng mga patay sapagkat sa Kanya, ang lahat ay buhay.

Pagtatabas

Naniniwala ba ako sa sinabi ni Jesus tungkol sa tiyak na pagkabuhay ng mga patay?

Pagsasaayos

Naniniwala ang tapat na tagasunod ni Jesus, na may buhay na walang hanggan na naghihintay sa paglisan niya sa mundo. Maaring sa purgatoryo o Langit. Manalangin tayo na hindi tayo mapupunta sa impyerno, ang walang hanggang paglayo sa Diyos, apoy at kasamaan. Hinangad ng lahat ng mabuting Kristiyano na makapasok sa Langit, sa kaharian ng Diyos, sa buhay na puspos ng galak, kapayapaan, at pagmamahal.

Pagdiriwang

Ama, maraming salamat sa biyaya ng buhay sa lupa -- buhay ng pagsamba sa Inyo, paghuhubog ng aming katauhan at kaluluwa, at pagtulong at awa sa kapwa. Nawa, makapasok kami sa kaharian Niyo sa Langit, sa aming pagkabuhay.



**DAKILANG KAPISTAHAN NG
PAGKAHARI NG PANGINOONG
JESUKRISTO SA SANLIBUTAN**

Salteryo: Solemniya ng Panginoon / (Puti)

Salmo 23:1-2, 2-3, 5-6
*Pastol ko'y Panginoong D'yos,
hindi ako magdarahop.*

Unang Pagbasa:

Ezekiel 14:11-12, 15-17

Kaya hindi na maliligaw ang bayang Israel mula sa akin. Hindi na sila madudungisan sa kanilang mga kasalanan. Magiging bayan ko sila at ako ang magiging Diyos nila."

Dumating sa akin ang salita ni Yawe:

Kapag pinagala ko sa lupain ang mababangis na hayop para manlapa ng mga bata at matiawangwang iyon dahil wala nang magdaan sa takot sa mga hayop, at naroon din ang tatlong lalaking ito – isinusumpa ko, sabi ni Yaweng Panginoon – hindi nila maililigtas ang kanilang mga anak kundi ang kanilang sarili lamang; at matitiwangwang ang lupain.

Gayundin ang mangyayari kapag nagpadala ako ng tabak laban sa lupaing ito para lipulin ang mga tao at mga hayop.

Ikalawang Pagbasa:

1 Corinto 15:20-26, 28

Ngunit si Kristo ay talagang muling nabuhay mula sa kamatayan, ang pangunahin ng mga nahihimlay. Hindi ba nanggaling sa isang tao ang kamatayan? Sa isang tao rin nanggagaling ang muling pagkabuhay. Namamatay ang lahat na sumakay – Adan, gayundin mabubuhay ang lahat na sumakay – Kristo. Ngunit may kanya-kanyang panahon: Si Kristo muna, at pagbalik niya ay ang mga kay Kristo naman.

At saka darating ang wakas, kapag ibinigay niya sa Diyos Ama ang kaharian matapos hamakin ang lahat ng kaharian, kapamahalaan at kapangyarihan. Alam ninyo na dapat siyang maghari hanggang sa *mapasailalim niya ang lahat ng kaaway*. Ang huling kaaway na hahamakin ay ang kamatayan.

Pagkasuko sa kanya ng lahat, susuko naman ang Anak sa Amang nagpasuko ng lahat sa kanya at magiging ang Diyos na lahat sa lahat.

Ebanghelyo: Mateo 25:31-46

Pagdating ng Anak ng Tao sa kanyang Kaluwalhatian kasama ng lahat niyang mga anghel, uupo siya sa maluwalhati niyang trono. Dadalhin sa harap niya ang lahat ng bansa at parang isang pastol na inihihiwalay ang mga tupa sa mga kambing, gayundin niya paghihiwa-hiwalayin ang mga tao. Ilalagay niya ang mga tupa sa kanan niya at ang mga kambing sa kaliwa.

Sasabihin ng Hari sa mga nasa kanan niya: 'Halikayo, pinagpala ng aking Ama! Manahin ninyo ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa sa simula ng daigdig. Sapagkat nagutom ako at inyong pinakain, nauhaw ako at inyong pinainom. Naging dayuhan ako at pinatuloy ninyo ako. Nang ako'y hubad, dinamitan ninyo ako; nang maysakit ako, binisita ninyo ako. Nang ako'y nasa bilangguan, dinalaw ninyo ako.'

At itatanong sa kanya ng mabubuti: 'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom at pinakain, nauuhaw at pinainom, isang dayuhan at pinatuloy, at walang suot at dinamitan? Kailan ka namin nakitang maysakit o nasa bilangguan at nilapitan?' Sasagutin sila ng Hari: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang gawin ninyo sa isa sa maliliit na ito na mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa.'

Pagkatapos ay sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa niya: 'Mga isinumpa, lumayas kayo sa harap ko tungo sa apoy na walang katapusan na inihanda para sa diyablo at sa mga anghel nito! Sapagkat nagutom ako at di ninyo binigyan ng makakain, nauhaw at di ninyo pinainom, naging dayuhan ako at di ninyo pinatuloy, maysakit at nasa bilangguan at di ninyo binisita.'

Kaya itatanong din nila: 'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, nauuhaw, dayuhan, hubad, maysakit o nakabilanggo, at di ka namin pinaglingkuran?' Sasagutin sila ng Hari: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang di ninyo ginawa sa isa sa maliliit na ito, hindi ninyo ginawa sa akin.'

At pupunta ang mga ito sa walang hanggang parusa, ngunit sa walang hanggang buhay naman ang mga makatarungan."



"Pagdating ng Anak ng Tao sa kanyang Kaluwalhatian kasama ng lahat niyang mga anghel, uupo siya sa maluwalhati niyang trono."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Yohanes Kopong Tuan, MSF

Pagmamasiid

Mayroon ba akong ginagawang mabuti para sa mga kababayan na nasa laylayan ng ating lipunan?

Paghahawi

Sinagot sila ni Jesus: "Anuman ang di ninyo ginawa sa isa sa maliliit na ito, hindi ninyo ginawa sa akin."

Pagtatabas

May mga pagkakataon ba na di ako nakatugon sa pangagailangan ng iba? Bakit?

Pagsasaayos

Isa-isip natin na ang ginagawa natin sa kapwa na ating nakikita, ginagawa rin natin kay Jesus na di natin nakikita. Mga materyal na pangangailangan na binanggit ni Jesus -- gutom, uhaw, tuluyan ng dayuhan, walang damit, maysakit, at nasa bilangguan. Meron din espirituwal na pangangailangan ang ating kapwa tulad ng kapatawaran ng kasalanan, payo sa lungkot, gabay sa duda, turuan ang kulang sa kaalaman, at pasensya sa nagkamali.

Pagdiriwang

Ama, nawa maibahagi namin ang aming panahon, kakayahan, at yaman sa pangangailangan ng aming kapwa, para sa kaluwalhatian Niyo.

Lunes
NOYEMBRE

23



IKA-34 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Pula/Puti)
Papa San Clement I / San Columbano /
Banal na Miguel Agustin Pro

Salmo 24:1bk-2, 3-4ab, 5-6
Panginoon, ang bayan mo
ay dumudulog sa iyo.

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 14:1-3, 4b-5

Patuloy akong nakatingin: Nakatayo ang Kordero sa bundok ng Sion kasama ang 144,000 katao na nakasulat sa kanilang noo ang pangalan niya at ang pangalan ng kanyang Ama. At narinig ko ang isang tinig mula sa langit na sinlakas ng masaganang alon o ng kulog; itong tinig ay katulad ng mga gitaristang tumutugtog ng kanilang gitara.

Nag-aawitan sila ng isang bagong awit sa harap ng trono, sa harap ng apat na nilalang na buhay at ng matatanda. At walang natuto ng awit kundi ang mga 144,000 na nakuha sa lupa at natubos.

Sila ang mga sumasama sa Kordero saanman pumunta. Sila ang mga tinubos mula sa sangkatauhan na naging bahagi ng Diyos at ng Kordero. Walang kasinungalingang nasumpungan sa kanilang bibig: wala silang kapintasan.

Ebanghelyo: Lucas 21:1-4

Tumingin si Jesus at may mayayaman na naghuhulog ng kanilang abuloy sa kabang-yaman. At nakita rin niya ang isang pobreng biyuda na naghulog ng dalawang barya. At sinabi niya: "Talagang sinasabi ko sa inyo na pinakamahalaga sa lahat ang inihulog ng dukhang biyudang ito. Naghulog nga silang lahat sa kabang-yaman mula sa sobra nila pero inihulog naman niya mula sa kanyang kasalatan ang buo niyang kabuhayan."

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Michael Jayson S. Abao, SC | Rev. Fr. Joseph Nguyen Ngoc Son, ICM | Rev. Fr. Lukas H. Sasmito, SCJ

Pagmamasiid

Ang tulong ko ba sa kapwang nangangailangan mula sa sobra ko?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "... pinakamahalaga sa lahat ang inihulog ng dukhang biyudang ito. Naghulog nga silang lahat sa kabang-yaman mula sa sobra nila pero inihulog naman niya mula sa kanyang kasalatan ang buo niyang kabuhayan."

Pagtatabas

Ang abuloy ko ba sa Misa sang-ayon sa payo ni Jesus? Mula sa sobra ko, at hindi ang buong kabuhayan ko?

Pagsasaayos

Ang mag-abuloy sa kapwa kahit mula sa sobra natin na may pagmamahal, mabuti kaysa walang abuloy. Mas kalugod-lugod sa Panginoong Jesus, kung ang abuloy natin mula sa buo nating kabuhayan, o may sinakripisyo tayong kailangan din natin, ngunit ibinahagi, dahil sa dalisay nating pagmamahal sa kapwa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa lagi kaming mag-abuloy sa Simbahan at kapwa na may sakripisyo, ayon sa Inyong kalooban.

IKa-34 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Pula)

San Andres Dung Lac at mga kasama

Salmo 96:10, 11-12, 13

Pangino'y paririto
upang hatulan n'ya tayo.



Unang Pagbasa:

Pagbubunyag 14:14-19

Patuloy akong napatingin. May isang maputing ulap at nakaupo rito ang isang waring anak ng tao; mayroon siyang koronang ginto at nasa kamay niya ang isang matalas na karit. Isa pang anghel ang lumabas sa templo at malakas na tumawag sa nakaupo sa ulap: "Ibaba mo ang karit at igapas sapagkat oras na ng pag-aani; hinog na ang aanihin sa lupa. Kaya ibinaba ng nakaupo sa ulap ang karit at ginapas ang anihin sa lupa.

Lumabas ang isa pang anghel sa templong nasa langit, may hawak ding isang matalas na karit. Mula sa altar naman dumating ang isa pa na siyang tagapangasiwa ng apoy; at tinawag nito nang malakas ang may matalas na karit: "Ibaba mo ang iyong matalas na karit at gapasin ang mga buwig sa ubasan sa lupa, sapagkat hinog na ang mga ubas. Kaya kinarit ng anghel ang mga bunga ng ubas at itinaapon sa pisaan ng matinding galit ng Diyos. Niyapakan ang pisaan sa labas ng lunsod at dugo ang lumabas sa pisaan. Nakaabot ito sa kabisada ng mga kabayo sa sukat ng isang libo at animnaraang estadyo.

Ebanghelyo: Lucas 21:5-11

May ilan namang nag-uusap tungkol sa Templo, at sinabi nila na may magagandang bato ito at mamahaling palamuti. Sinabi naman ni Jesus: "Darating ang mga araw na walang matitirang magkapatong na bato sa lahat ng inyong nakikita; iguguho ang lahat." Nagtanong sila sa kanya: "Guro, kailan ito mangyayari at ano ang tanda na sumapit na ito?"

Sumagot si Jesus: "Mag-ingat kayo at baka kayo madaya. Maraming aangkin sa aking pangalan sa pagsasabing 'Ako ang Mesiyas; ako siya,' at 'Palapit na ang panahon.' Huwag kayong sumunod sa kanila. Sa pagkabalita ninyo sa digmaan at mga kaguluhan, huwag kayong maligalig; mangyayari muna ito pero hindi pa ito ang wakas."

At sinabi niya sa kanila: "Magdidigmaan ang mga bayan at maglalaban-laban ang mga kaharian. Magkakaroon din ng malalakas na lindol sa maraming lugar, magkakaroon ng taggutom, magkakaroon ng mga kakila-kilabot na bagay at ng malalaki ring kababalaghan sa langit.

PARISH FIESTA:

Christ the King Parish, BF | Kristong Hari Parish: Shrine of the Youth

Christ the King Parish-Filinvest II | Christ, King of The Universe Parish

Pagmamasiid

Nababalisa ka ba sa balitang bombahan ng dalawang bansa sa Europa kamakailan?

Pagbahawi

Sinabi ni Jesus: "Sa pagbabalita ninyo sa digmaan at mga kaguluhan, huwag kayong maligalig. Mangyayari muna ito, pero hindi pa ito ang wakas."

Pagtatabas


Sa mga pangyayaring ito, ano ang maari kong gawin?

Pagsasaayos

Kahit malayo ang Europa sa atin, nararamdaman natin ang pagtaas ng presyo ng gasolina at diesel, pati na ang maaring pagbaba ng halaga ng piso sa bawat dolyar. Kapag ang mga bomba nuklear, ang enerhiya nun maaring makarating sa atin, at mapanganib sa ating kalusugan. Hinihimok tayo ni Papa Leo IV na ipagdasal ang kapayapaan sa buong mundo. Sa kapangyarihan at awa ng Diyos, maliligtas pa rin tayo. Mahalaga ang kahandaan ng ating buhay espirituwal sa anumang nakakabalising pangyayari sa mundo.

Pagdiriwang

Ama, nanalig kami sa Inyong pagmamahal at awa para sa kapayaan ng daigdig. Nawa maisama naming lagi sa aming panalangin araw-araw ang pagkakasundo ng mga pinuno ng iba't-ibang bansa sa mundo.



Unang Pagbasa: Pagbubunyag 15:1-4

Pagkatapos, nakita ko ang isa pang tanda sa langit na dakila at kataka-taka: ang pitong anghel na may dalang pitong huling salot; sa mga ito ganap na huhupa ang galit ng Diyos.

Nakita ko ang isang waring lawang kristal na may kahalong apoy. Ang mga sumupil sa halimaw, sa larawan nito at sa bilang ng pangalan nito ay nakatayo sa lawa ng kristal, at may dala silang mga gitara ng Diyos. Inaawit nila ang awit ni Moises na lingkod ng Diyos at ang awit ng Kordero na ang sabi:

Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa Panginoong Diyos na May-ari ng lahat Makatarungan at tunay ang mga daan mo, O hari ng mga bansa

Sino ang di matatakot, O Panginoon at di-magbibigay-dangal sa iyong pangalan? Sapagkat ikaw lamang ang banal. Darating ang lahat ng bansa upang sumamba sa iyo sapagkat ibinunyag na ang iyong mga pasiya.

Ebanghelyo: Lucas 21:12-19

Pero bago sumapit ang lahat ng ito, dadakipin kayo at uusigin; ibibigay kayo sa mga sinagoga at dadalhin sa mga kulungan at ihaharap sa mga hari at mga gobernador dahil sa aking pangalan. Sasapit ito sa inyo para makapagpatotoo kayo sa akin.

Isaisip ninyo na huwag ikabalisa ang pagtatanggol sa inyong sarili dahil ako mismo ang magbibigay sa inyo ng mga salita at karunungan di matatagalan o masasagot ng lahat ninyong kaaway.

Ipagkakanulo kayo ng inyong mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak at mga kaibigan, at papatayin nila ang ilan sa inyo. At kamumuhian kayo ng lahat dahil sa aking pangalan. Subalit hindi maaano isa mang buhok sa inyong ulo. Sa inyong pagpapakatatag, ang mga sarili ninyo mismo ang inyong makakamit.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Lusil E. Pardilla

Pagmamasid

Marami bang hamon sa pagtupad ng inyong misyon?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: "Sasapit ito sa inyo para makapagpatotoo kayo sa akin." Tinukoy Niya ang pagdarakip, pagkulong, pagkanulo, pagpatay, at pagkamuhì sa kanila, dahil sa pagsunod nila sa Kanya.

Pagtatabas

Mararanasan ko rin ba ang malungkot na nangyari sa mga alagad ni Jesus at patotoo nila sa Kanya?

Pagsasaayos

Sa ating bansa na karamihan Kristiyano, wala tayong malawak na pagbabawal at pag-uusig na nararanasan dahil sa ating pananampalataya. May mga pamilya na iba't-iba ang pananalig, at minsan nag-aaway dahil dito. Natututo tayong galangin ang ibang pananampalataya, dahil mahal natin ang kapamilya, at payo rin ito ng ating Simbahan.

Pagdiriwang

Ama, saludo kami sa mga Kristiyanong martir na nagpatotoo at nag-alay ng buhay sa kanilang pananampalataya. Salamat na malaya kami sa aming pananampalataya sa Inyo sa aming bayan. Nawa, lahat ng Inyong nilikha magbigay galang sa iba't-ibang pananalig ng mga kapwa.

**IKA-34 NA LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 100:1b-2, 3, 4, 5
*Mapalad ang anyayahan
ng korderong ikakasal.*



Huwebes
26 NOYEMBRE

Unang Pagbasa:
Pagpubunyang 18:1-2, 21-23; 19:1-3, 9a

Ebanghelyo: Lucas 21:20-28

Kung makita ninyong nakubkob na ng mga hukbo ang Jerusalem, alamin ninyong sumapit na ang kanyang pagkawasak. Kaya tumakas pa-bundok ang mga nasa Judea, umalis ang mga nasa lunsod, at huwag nang bumalik doon ang mga nasa bukid.

Sapagkat ito ang mga araw ng paghihiganti sa kanya para matupad ang lahat ng nasa Kasulatan. Sawimpalad ang mga nagdadalanta o mga inang nagpapasuso sa mga araw na iyon. Sapagkat matindi ang sasapit na kapahamakan sa lupain at ang galit sa bayang ito. Mamamatay sila sa tabak, dadalhing bihag sa lahat ng bansa, at yuyurakan ng mga bansang pagano ang Jerusalem hanggang mabuo ang panahon ng mga bansa.

Magkakaroon ng mga tanda sa araw, buwan at mga bituin. Sa lupa'y mangangamba ang mga bansa dahil sa ugong at alon ng dagat, at wala silang magagawa. Hihimatayin ang mga tao dahil sa takot at pagkabahala sa mga sasapitin ng sanlibutan sapagkat mayayanig ang mga puwersa ng sanlibutan. At makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating na nasa ulap na may Kapangyarihan at ganap na Luwalhati.

Kung magsimula nang maganap ang mga ito, tumindig kayo at tumunghay dahil palapit na ang inyong katubusan."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Niño B. Etulle, SCJ
BIRTHDAY: Rev. Fr. Andro L. Fernandez, OFM

Pagmamasiid

Napapansin ba natin ang mga nangyayaring kaguluhan ngayon sa iba't-ibang sulok ng daigdig?

Pagbahawi

"Makikita ninyo ang Anak ng Tao na dumarating na may kapangyarihan at ganap na luwalhati."
Sa gitna ng takot at pagkabahala, darating si Jesus upang tubusin ang sanlibutan.
Ang Kanyang pagdating ay hindi dapat katakutan, kundi pag-asa para sa mga tapat sa Kanya.

Pagtatabas

Ano ang dapat gawin natin kung magkaroon ng mga tanda sa araw, buwan, at bituin, na nagbabadya ng pagkayanig ng mundo?

Pagsasaayos

Paghariin ang pag-asa at panalangin kay Jesus, makapangyarihang Anak ng Tao at Diyos, sa anumang kaguluhan. Tumulong kahit sa maliit na paraan sa pagtaguyod ng kapayapaan sa ating paligid.

Upang maging kalugod-lugod sa Diyos, sikapin nating talikdan ang kasalanan at masamang gawain na nagpapahirap sa kapwa, pamayanan at buong mundo, at gumawa ng kabutihan lagi.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kami sa aming buhay na maiwasan ang tukso at makatulong sa pagbahagi ng pag-asa at kapayapaan sa aming kapwa.



Salmo 84:3, 4, 5-6a at 8a
*Ang Diyos ay nananahan
sa piling ng kanyang bayan.*

Unang Pagbasa:
Pagbubunyag 20:1-4, 11—21:2

Nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, taglay ang susi ng balon ng kalaliman, at isang malaking tanikala. Hinuli niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diyablo o Satanas, at itinanikala nang sanlibong taon. Inihagis ito sa kalaliman at sinarhan ang balon upang huwag nang makapandaya ito sa bansa hanggang di nagaganap ang sanlibong taon. Pagkaraan ay sandaling panahon siyang pakakawalan.

At saka nakita ko ang mga luklukan, at umupo sa mga ito ang mga makakahukom. Nakita ko rin ang kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa pagpapatotoo ni Jesus at sa salita ng Diyos – ang mga di sumamba sa halimaw at sa larawan nito na tumangging matatakan ng tatak nito sa noo at kamay. Nabuhay sila at nagharing kasama ng Mesiyas sa loob ng sanlibong taon.

Pagkaraa'y nakita ko ang isang malaki at maningning na trono at may nakaupo roon. Sa pagkakita sa kanya, tumakas ang lupa at ang langit at wala nang lugar para sa kanila. At nakita ko ang mga patay, maliit at malaki, na nakatayo sa harap ng trono, at binuksan ang mga aklat. Binuksan din ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay, at hinatulan ang mga

patay ayon sa mga gawa nilang nakasulat sa mga aklat. Ibinalik ng dagat ang mga patay na nasa kanya at ibinalik din ng Kamatayan at Kailaliman ang mga patay na nasa kanila, at hinatulan ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawa. Pagkatapos, itinaon ang Kamatayan at Kailaliman sa lawa ng apoy. Ang lawa ng apoy ay ang ikalawang kamatayan at itinaon sa lawa ng apoy ang sinumang di-nakasulat sa aklat ng buhay.

Pagkatapos, nakita ko ang isang bagong langit at isang bagong lupa. Inalis ang unang langit at ang unang lupa, at wala nang dagat. Nakita ko ang banal na lunsod, ang Jerusalem, na waring isang nobyang inayusan para sa kanyang esposo.

Ebanghelyo: Lucas 21:29-33

*A*t sinabi ni Jesus sa kanila ang isang talinhaga: “Tingnan ninyo ang punong-igos at ang ibang mga puno. Pagkakita ninyong nagdadahon na ang mga ito, alam ninyong malapit na ang tag-init. Gayundin naman, pag napansin ninyo ang mga ito, alamin ninyong malapit na ang paghahari ng Diyos. Talagang sinasabi ko sa inyo na hindi lilipas ang salinlahing ito at mangyayari ang lahat ng ito. Lilipas ang langit at lupa ngunit hindi lilipas ang aking mga salita.

Pagmamasid

Ano ang pinakamahalagang bagay na gusto mong hindi maglaho?

Paghahawi

Wika ni Jesus, “Lilipas ang langit at lupa, ngunit hindi lilipas ang aking mga salita.”

Pagtatabas

Nais mo rin ba na hindi lilipas ang mga salita ni Jesus? Naniniwala ka ba na hindi lilipas ang mga ito? Naglalaan ba tayo ng oras upang pag-aralan, pagnilayan, at isabuhay ito?

Pagsasaayos

Ang mga salita ni Jesus nasa Bagong Tipan ng ating Bibliya. Ang mga salita ni Jesus galing sa Ama. Bahagi ito ng misyon ni Jesus. Hindi lilipas ang mga salita ng Ama na lumikha ng lahat. Nilikha Niya ang lahat gamit ang salita.

Gabay natin sa kabutihan at kabanalan ang mga salita ni Jesus. Pag-aralan, pagnilayan, isabuhay, at ibahagi natin sa kapwa ang mga ito.

Pagdiriwang

Ama, patuloy Niyo kaming gabayan sa pag-aral, pag-unawa, pagsabuhay, at pagbahagi ng mga hindi lilipas na salita ni Jesus, tungo sa kabutihan at kabanalan.

IKa-34 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

Maal na Birheng Maria

Salmo 95:1-2, 3-5, 6-7ab

Maranatha! Dumating ka!

Poong Jesus, halika na!



Sabado
28 NOYEMBRE

Unang Pagbasa: Pagbubunyag 22:1-7

Ipinakita niya sa akin ang ilog ng tubig na pambuhay na kasinlinaw ng kristal, na nanggagaling sa trono ng Diyos at ng Kordero sa kalagitnaan ng liwasan ng lunsod. At sa magkabilang pampang ng ilog, may punungkahoy ng buhay na namumunga nang labindalawang beses – buwan-buwan. Ang mga dahon ay panlunas sa mga bansa. Wala nang kasawiampalad doon. Naroroon ang trono ng Diyos at ng Kordero at sasamba sa kanya ang mga lingkod niya. Makikita nila ang kanyang mukha at nasa kanilang mga noo ang pangalan niya. Wala nang gabi at hindi nila kailangan ang liwanag ng ilawan o ng araw sapagkat magliliwanag sa kanila ang Diyos at maghahari sila magpakailanman.

Sinabi niya sa akin: Tiyak at totoo ang mga salitang ito. Ang Diyos ng mga espiritu ng mga propeta ay nagsugo ng kanyang anghel upang ipakita sa kanyang mga lingkod ang mga pangyayaring malapit nang maganap.

“Darating ako agad. Mapalad ang nagsasaisip ng mga propetikong salita ng aklat na ito.”

Ebanghelyo: Lucas 21:34-36

Mag-ingat kayo’t baka bumigat ang inyong mga isip sa mga bisyo, paglalasing at mga intindihin sa buhay. At baka bigla kayong datnan ng araw na iyon. Babagsak itong parang bitag sa lahat ng nasa lupa. Kaya lagi kayong magbantay at manalangin para maging marapat na makatakas sa lahat ng mangyayaring ito at makaharap sa Anak ng Tao.”

Pagmamasiid

Anong ginagawa mo para makaiwas sa kasamaan sa iyong paligid?

Paghahawi

Turo ni Jesus: “Magbantay kayo at manalangin sa lahat ng oras upang makaiwas sa lahat ng ito at makaharap ang Anak ng Tao nang may dangal.”

Pagtatabas

Nag-iingat at nanalangin ba ako na malayo sa mga masamang bisyo at ibang hindi kaaya-ayang gawain?

Pagsasaayos

Hindi nagtutulak sa kasamaan, ang mabuting barkada kundi umaakay sa kabutihan.

Proteksyon laban sa bitag ng masamang espiritu at impluwensya ang panalangin.

Sa bawat araw, naisin nating mamuhay ng may dangal, upang sa huling paghuhukom, makaharap natin si Jesus, ang Anak ng Tao, nang may tapang at pananampalataya.

Hindi galing sa yaman o tagumpay, ang dangal kundi sa pamumuhay na tapat, malinis, at maka-Diyos.

Pagdiriwang

Ama, nawa, sa tulong Niyo, matuto akong pahalagahan ang kabutihan kaysa kasamaan.

Ang Adbiyento

*A*ng liturhikal o Taon ng Simbahan ay nagsisimula sa unang Linggo ng ADBIYENTO. Ang Panahon ng Adbiyento ay may apat na linggo. Sa panahong ito, inaalala nating mga Kristiyano sa masayang paghihintay ang dalawang pagdating ni Jesuskristo sa mundo. Ang una sa mga pagdating na ito ay noong siya ay nagkatawang-tao sa sinapupunan ng Mahal na Birheng Maria at isinilang sa araw ng Pasko. Ang ikalawang pagparito naman ay magaganap sa Huling Araw kung kailan siya darating sa kaluwalhatian upang hatulan ang mga buhay at ang mga patay.

Sa simula, ang mga pagbasa sa Bibliya at ang mga prepasyo ng Misa ay ginugunita ang ikalawang pagdating ni Kristo at pagkatapos ay unti-unting nagbabago ang pagtutok sa kanyang unang pagdating sa pamamagitan ng paggunita sa mga papel na ginampanan ni Juan Bautista, ang kanyang prekursor, at ang Mahal na Birheng Maria, ang kanyang ina.

Mula Disyembre 16, pinaiiigting ng mga Pilipinong Katoliko ang kanilang paghahanda para sa Pagsilang ng ating Panginoon sa pamamagitan ng espesyal na pagdiriwang ng Simbang Gabi (Misa de Gallo), na kung saan ay muling inaalala ang panahon nang si Maria, ang Ina ng Diyos, ay hinihintay ang pagsilang ng kanyang Anak.

Ang Adbiyento ay hindi masasabing kasing tining ang penitensyal na katangian tulad ng Kuwaresma. Gayunpaman, ang nalalapit na pagdiriwang ng Pasko ay hindi dapat mag-alis ng penitensyal na diwa ng Adbiyento. Sa kabila ng ating mga paghahanda para sa Pasko, nararapat na tayo'y humanap ng panahon upang huminto at pagnilayan ang kahulugan ng Adbiyento sa pamamagitan ng panalangin, pagtangga sa sarili, at mga gawa ng kabutihang-loob lalo na sa mga nasa laylayan ng lipunan.



Ikalawang Pagbasa: 1 Corinto 1:3-9


Sumainyo ang biyaya at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at mula sa Panginoong Jesucristo.

Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos para sa inyo dahil sa biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa inyo kay Kristo Jesus. Talaga namang sa lahat ng bagay kayo pinayaman sa kanya, sa bawat uri ng pananalita at karunungan; pinagtibay nga sa inyo ang pagpapatotoo ni Kristo. Hindi na kayo nagkukulang sa anumang kaloob na espirituwal habang hinihintay ninyo ang pagpapakita ng ating Panginoong Jesucristo. Patitibayin niya kayo hanggang sa wakas, upang maging walang-sala sa araw ng ating Panginoong Jesucristo. Tapat ang Diyos na siyang tumawag sa inyo sa samahan ng kanyang Anak na si Jesucristong ating Panginoon.

Ebanghelyo: Marcos 13:33-37

Mag-ingat kayo at magpuyat: hindi nga ninyo alam kung kailan ang oras. Ipagpalagay natin na nangingibang-bayan ang isang tao. Iniwan niya ang kanyang bahay at ipinagkakatiwala ang lahat sa kanyang mga utusan. May kanya-kanya silang tungkulin at inutusan niyang magbantay ang bantay-pinto. Kaya magbantay kayo sapagkat hindi ninyo alam ang oras ng pagdating ng may-ari, kung hapon o hating-gabi o madaling-araw. At baka bigla siyang dumating, at madatnan kayong natutulog.

Kaya sinasabi ko rin sa lahat ang sinasabi kong ito sa inyo: Magbantay.”



“Mag-ingat kayo at magpuyat: hindi nga ninyo alam kung kailan ang oras.”

Pagmamasid

Nasubukan mo na bang magpuyat at magbantay sa pagdating ng isang tao? Sino siya?

Paghahawi

Mag-ingat kayo magpuyat at magbantay sapagkat hindi Ninyo alam kung anong oras darating ang Panginoon.

Pagtatabas

Nakahanda ba akong salubungin ang Panginoon sa kanyang muling pagdating?

Pagsasaayos

Ang pagsunod sa sampung utos ng Diyos at pagsasabuhay ng Kanyang mga salita ang daan para maging handa sa pagsalubong sa Panginoong Jesus sa Kanyang muling pagdating. Tulungan natin ang ating kapwa na maging handa rin sa mahalagang araw na ito.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kami hanggang sa huling sandali ng aming buhay, upang maging handa kami sa muling pagdating ng Inyong Anak, ang Panginoong Jesus.

Lunes
NOBYEMBRE

30



KAPISTAHAN NI APOSTOL SAN ANDRES

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 19:8, 9, 10, 11
*Laganap na sa daigdig
ang kanilang mga tinig.*

Unang Pagbasa: Roma 10:9-18

Maliligtas ka kung ipahahayag ng iyong bibig na Panginoon si Jesus at kung paniniwalaan mo sa iyong puso na muli siyang ibinangon ng Diyos mula sa mga patay. Sa paniniwala ng puso magiging matuwid ka, at sa pagpapahayag naman ng bibig maliligtas ka. Sinasabi nga ng Kasulatan: *At maliligtas naman ang sinumang tatawag sa Pangalan ni Yawe.* Walang kaibahan ang Judio sa Griyego sapagkat iisa lang ang Panginoon ng lahat, na may magandang-loob para sa lahat ng tumatawag sa kanya: *Hindi mabibigo ang sumasampalataya sa kanya.*

Ngunit puwede ba silang tumawag sa hindi nila sinasampalatayanan? At puwede ba naman silang sumampalataya sa hindi nila narinig? At puwede ba nilang marinig kung hindi sila pinagpahayagan? At puwede ba silang pagpahayagan kung walang apostol? Nasusulat: *Kay ganda! Narito na ang mga naghahatid ng mabuting balita.* Ngunit hindi lahat ay sumunod sa ang mabuting balita; sinabi na ni Isaias: *Panginoon, sino ang naniwala sa aming pangangaral?*

Kaya mula sa pagkarinig ang pananam-palataya, sa pagkarinig tungkol kay Kristo. At ito ang aking tanong: Hindi ba sila nakarinig? Pero nakarinig sila. May mga nangaral at *lumaganap ang kanilang tinig sa buong sanlibutan at ang kanilang pangangaral, sa magkabilang dulo ng daigdig.*

Ebanghelyo: Mateo 4:18-22

Sa paglalakad ni Jesus sa pampang ng lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon na tinawag na Pedro at Andres na naghahagis ng mga lambat dahil mga mangingisda sila. Sinabi niya sa kanila: *"Halikayo, sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mangingisda ng tao."*

Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy siya sa paglakad at nakita naman niya ang magkapatid na Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo. Nasa bangka sila kasama ng kanilang amang si Zebedeo at nagsusursi ng kanilang lambat. Tinawag sila ni Jesus. Agad nilang iniwan ang bangka nila at ang kanilang ama, at nagsimulang sumunod sa kanya.

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Jaime Z. Lara | Rev. Fr. Alberto G. Mecaydor (Parochial Vicar)

PARISH FIESTA: Ina ng Lupang Pangako Parish

Pagmamasisid

Kung may nag-aanyayang lider sa iyo na sumama sa grupo niya, anong gagawin mo?

Paghahawi

Unang tinawag ni Jesus, bilang apostol at mangingisda ng tao, ang magkapatid na Andres at Simon na tinawag Niyang Pedro. Kasunod ang magkapatid na Jaime at Juan. Iniwan ang bangka at lambat, at sumunod agad sila kay Jesus.

Pagtatabas

Kailangan bang makakita ng palatandaan bago maniwala at sumunod kay Jesus, ang Anak ng Diyos?

Pagsasaayos

Bago tayo sumama sa isang grupo o samahan, mahalagang tanungin: Mabuting tao ba ang namumuno o maka-Diyos at mapagmahal sa kapwa? Hindi lamang tungkulin ang pamumuno kundi paglilingkod. Tulad ng mga apostol, iniwan ng mga kaparian at madre ang lahat nilang ari-arian upang sumunod kay Jesus.

Nananatili naman sa kanilang pamilya, ang mga laykong lingkod ng Simbahan ngunit aktibong tumutulong sa pagpapalaganap ng pananam-palataya. Katuwang sila ng mga pari at relihiyoso sa misyon ng Simbahan -- sa pagtuturo, paglilingkod, at pagbibigay-saksi sa pag-ibig ng Diyos. Ang Diyos ang Maylikha ng lahat.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa mga pari, relihiyoso, at layko na nagsisikap itanim ang salita Niyo sa puso at isipan naming lahat.